


HINDI HINAHATULAN NG DIYOS

ANG TAO NANG HINDI MUNA

SIYA BINABALAN

 “Tatawag ng sampung libong Anghel,” gayong kayang gunawin ng isa ang mundo, “ngunit namatay Siya para sa iyo at sa akin.” Parang ganyan ang batayan na nais ko sa aking mensahe para sa Linggo ng umaga, kung loloobin ng Panginoon, ang tungkol sa “Ano ba si Cristo?” At ngayo’y inaasahan nating baka puwedeng muling awitin nitong mga munting batang babae ang awit na iyon para sa atin, sa Linggo ng umaga. Kapatid na Wheeler, gusto ko talagang sabihin na tiyak ngang kalugud-lugod ang dalawa mong mga mumunting binibini riyang, at ang kanilang pananamit, at na walang make-up at lahat na. Mga Cristiano silang tingnan para sa akin, at umaawit na gaya nito at kumikilos na gaya nito. Talagang kalugud-lugod ’yan.

² Sa palagay ko’y noong isang araw ko sinasabi sa aking maybahay, na talaga ngang napakalinis tingnan ang pangkat ng mga kababaihan natin dito. Pinahahalagahan ko iyan. Ang kanilang mahahabang buhok at malilinis na mukha, at nangakabihis nang disente. Ako—ako—humahanga ako sa inyo sa tuwing ako’y—ako’y pumaparito. Sabi ko kay Meda, “Gusto ko silang lahat na pahanayin minsan at kunan sila ng litrato para naman maipakita ko sa ibang mga iglesya kung papaano ang iglesya natin dito.” Na ipinangungusap namin ang mga bagay na ito, sila—sinusunod naman nila. At nagagalak tayo. May bagay na nagagawa ito para sa atin. Alam natin na kapag tayo—tayo ay may idinudulog, kung hindi tayo hinahatulan ng ating puso, ay alam nating dinirinig tayo ng Diyos.

³ Kaninang umaga, isang kaibigan ko, doon sa malayo rito, ang inihimlay, kinarga na siya palayo at halos—halos wala nang buhay, inakalang mamamatay na siya sa ilang sandali. Tumawag sila, bandang mag-uumaga na ’yon. Bumangon ako mula sa matandang kaibigang iyon at nagawang kaugnayin ang espiritung iyon sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, heto’t bumalik itong muli. Naging maayos na, muling bumalik, nakita n’yo, nabubuhay pa ring kasama natin ngayong gabi, sa ikaluluwalhati ng Diyos. Iyon ay ang matandang Kapatid na Dauch, siyamnapu’t isang taong gulang, dalawampu—dalawampu’t isang taon na ang inilampas sa panahon ng kanyang paglalakbay sa buhay. Ngunit ang Panginoon ay

mabuti at puno ng habag, kaya tayo'y nagpapasalamat dahil dito.

⁴ Ngayon, si Kapatid na Neville, nagtitinginan kami sa isa't isa at alam kong mayroon na lamang akong kaunting . . . mga isa pang gawain para pumarito, at sa Linggo 'yon. At ako—ayaw kong agawan ang aking pastor, sadyang gustung-gusto ko siyang marinig na mangaral.

⁵ Noong Linggo ng gabi nang mangaral siya, sinasabi ko sa inyo, nagpunta ako rito sa isang maliit na drive-in kasama ang isang kaibigan, para kumain ng sandwich pagkatapos, sina Kapatid na lalaking Evans at Kapatid na babaeng Evans, at nakatagpo sina Kapatid na lalaki't babaeng Sothmann doon. Pinag-uusapan nina Kapatid na lalaking Sothmann at nilang lahat ang tungkol sa kahanga-hangang mensaheng iyon. At, sinasabi ko sa inyo, namuhay ako doon nang buong linggo, halos. At ang ilan sa mga pinag-uusapang iyon ay kung papaano inakala ng ostrich na naitago na nito ang sarili nito. Ngayon, totoo 'yon, kapag ibinaon niya ang ulo niya sa lupa, pero nakikita pa rin naman ang halos kabuuan niya. Kaya parang ganyan din ang ginagawa natin kung minsan. Sinusubukan nating itago ang ulo natin sa likod ng kung ano, sa tuwina nama'y mayroong . . . baka naman nakikita pa rin tayo, alam n'yo na. Nakikita Niya ang bawa't kaliit-liitan natin, nakita n'yo. Kaya talagang nagpapasalamat tayo doon.

⁶ Pagkatapos ay naisip ko, buweno, nais kong mangusap sa iglesya at naisip ko, buweno, ako—ako . . . Nakakapagsalita naman palagi sa inyo si Kapatid na Neville, kaya kung ganoon kapag naririto ako ay maaaring mapadaan. Ayoko namang maging mapagkunwari pa, at hindi ko gugustuhing tumawag o anuman, na basta maupo lang doon sa bahay at ang bahay-sambahan dito'y nakabukas. Ako—mayroon akong . . . Nais kong maparito dahil mahal ko kayo.

⁷ Sinasabi ko sa inyo, talagang ako'y medyo . . . Hindi umaayon sa akin ang klima dito, at ako . . . at hindi umaayon sa akin ang lalawigan ito at nakasasama sa katawan ko ang hanging naririto. Oras na madampian ako ng hangin na 'yan ay nagkakapantal-pantal na ako, agad, kita n'yo, at wala ka nang anumang magagawa pa tungkol dito. At ako . . . At hindi mabuti ang aming pakiramdam, ni isa man sa amin, kapag naririto kami. Kami . . . halos wala ni isa man sa amin ang talagang mabuti ang pakiramdam mula nang maparito kami, dahil medyo nasanay na kami doon sa mataas na klima.

⁸ Subalit, ngayon, ang isang bagay na humihila sa akin dito ay kayong lahat. Siyanga, kayong lahat. Alam n'yo, nakakahanap kayo ng napakaraming mga kaibigan, ako—lubos akong nagpapasalamat. Sa palagay ko'y ako . . . kung bibilangin ko lang, nang personal, ang mga taong kakilala ko, nasa milyun-

milyon na marahil ito sa buong mundo. May isang nagkalkula nito minsan, at siguro'y sa personal na pagkakakilala, na mga nasa sampung milyong tao. Subalit may kung anong bagay sa—sa sariling bayan, tungkol sa ilang tao: Sadyang mayroong . . . Lahat ay mayroon nung, may mga itinatangi kang tao sa iyong buhay. Alam n'yo, naniniwala ako diyan. Kung wala, kung gayo'y bakit natatangi para sa atin ang asawa natin? At bakit—bakit ang ating . . . Kita n'yo? Tayo'y . . . ang ating mga asawang babae, ang ating mga asawang lalaki, at iba pa, ito—natatangi ito. At mayroon din kayong ganyan sa mga kaibigan. Mayroong kung anong iba na sadyang gustung-gusto mong makipagkita sa kanila at makipagkuwentuhan lamang sa kanila. Mayroong mga mumunting dako.

⁹ At naaalala ko itong dating latian dito kung saan itinayo itong munting bahay-sambahan, at kung saan bago ito naitayo noon dito'y walang kahit ano kundi isang—isang maliit na lawa. Iyan ang dahilan kung bakit nasa banda roon ang kalsada, para iwasan ang lawang iyon. Ito mismo ang pag-aari, at ang kalsada ay padaan mismo riyang sa gawi ng pinto. At, pero isa iyong maliit na lawa. At naaalala ko pa noong lumabas ako dito at sinisikap na makakita ng isang lugar na mapagtatayuan ng isang bahay-sambahan para sa Panginoon, at isa pa lamang kabataang lalaki noon.

¹⁰ At nakinig ako sa mga ito, sa batang lalaking ito at dito sa isa pa sa banda rito, na nananalangin kani-kanina, nang buong kasigasigan. Naisip ko, “Alam mo, nakakapanalangin ako dati nang ganyan, nang hindi ako naghahabol ng hininga, halos.” At pagkatapos ay nagkakaedad ka, medyo para bang bumabagal ka na, alam n'yo na, at ganoon. Tumatakbo ka pa rin, pero “nakasegunda” ka na kumbaga gaya nga ng sabi ko diyan kay Kapatid na Woods. Subalit, at gayunman hangga't . . . At pagkatapos paglipas ng ilang panaho'y babagal na ang takbo mo, pagtuntong mo ng mga sitenta o otsenta, sa palagay ko. Pero, alam n'yo, ang . . . tumatakbo ka pa rin, kahit ganoon. Hangga't kaya mong tumakbo, ano'ng magagawang pagkakaiba nun? Mas matagal nga lamang para makarating doon.

¹¹ Naaalala ko kung papaano akong nananalangin noon, at dito mismo sa talahibang ito, dito mismo kung saan nakatayo ngayon itong pulpito, sa banda lamang ng kinalalagyan nito, diyan ko itinusok ang isang maliit na tulos para alam ko kung saan ilalagay ang pulpito. Ibinigay sa akin ng Panginoong Diyos ang dakong ito. Siyanga, po. Ngayon, doon mismo sa batong-panulok nakalagay ang patotoo ko tungkol sa isang pangitain noong umagang inilagay ko iyon, nang hindi ko pa lubos na maisip noon, sabi, “Hindi ito ang tabernakulo mo, kundi gawin mo ang gampanin ng isang ebanghelista,” sabi Niya. Tumingin ako at nakita ko ang buong mundo doon, at ang maaliwalas na bughaw na kalangitan, at ang mga tao na nanggagaling sa lahat

ng dako; nakalagay iyon sa batong-panulok doon. Ni sa hinagap ay hindi ko naisip na mangyayari 'yun, bagama't sinabi na ng pangitain na ganoon; ngunit hindi nabibigo, magiging doon pa rin ito ano't ano man.

¹² Nagkaroon ako ng napakaraming pakikipanayam nitong linggo, dahil, noong Linggo, ay pumanaog ang mabiyayang Presensiya ng Panginoon. At dapat sana'y umalis na ako noong Lunes.

¹³ Ako ay . . . hindi pa kami nakakapagbakasyon, ang mga bata. Saka na ako magbabakasyon, mga bandang huli na. Pero gusto kong dalhin ang mga bata nang kaunting panahon. Kailangan na nilang bumalik at pumasok na sa eskuwela ngayon, at kaya naman naisip ko na magandang pagkakataon ang linggong ito. Pupunta pa ng Chicago sa susunod na linggo sa pagtitipon dun.

¹⁴ Ngunit ganun pa man ang—ang pahid ng Espiritu, naisip ko, “Ngayon na ang panahon para magkaroon ng mga pakikipagpanayam.” Ngayon na ang panahon na itong mga . . . na mapaunlakan ko ang ilan sa kanila doon. At mayroon . . . Nakikita ko ang ilan sa mga tao na nangakaupo rito na naroon noon sa silid. Alam nila kung kinatagpo nga ba kami ng Panginoon o hindi.

¹⁵ Kakatwang bagay na . . . lahat maliban sa isang babae na pinapasok ni Billy nang sandali bago lang, isang ginang mula sa Louisville, mayroon siyang isang munting anak na babae na naparito, sa palagay ko'y kaanib talaga sila ng Church of God sa Louisville, o parang ganoon. Pero sa bawat kaso, bawat isa sa kanila na pumasok, bago pa ako umalis ng bahay ay sinabi na sa akin ng Espiritu Santo kung sinu-sino ang mapaparito, kung ano ang kanilang itatanong. At isinulat ko sa isang piraso ng papel at sinabi kung ano mismo ang itatanong nila at ang kanilang mga katanungan sa paraan ng kung papaano nila itatanong ang mga iyon, at kung papaano sila sasagutin. Saka ko sasabihin sa kanila, sasabihin ko, “Heto kung ano lamang ang iyong . . . tingnan mo ha, ilang minuto na ang nakakaraan dito, kung ano ang Espiritu Santo . . .” Aabot sa mesa at sasabihin, “Kita mo? Sinabi Niya sa akin ito bago ka pa dumating.” Kita n'yo? Pero habang nasa bahay pa ako, kung sino ang mapaparoon at kung ano ang mangyayari, kung ano ang ikikilos nila, at lahat ng tungkol dito, bago pa man ako umalis ng bahay.

¹⁶ Nakita ko na ang sandali, maraming beses na, kapag binabaybay ko ang daan, habang nananalangin, ay makikita ko ang linyang iyon sa panalangin na dumaraan sa harapan ko at malalaman ang bawat pangalan ng mapupunta doon sa linya ng mga ipapanalangin, bago pa man ako makarating dito. Tama 'yan. At alam pa nga maging kung saan sila nakaupo sa loob ng bahay-sambahan at kung ano ang kanilang . . . kung paano sila manamit at kung ano ang itsura nila. Hindi mo na sinasabi

pa sa mga tao ang lahat ng mga ganoong bagay. Ikaw . . . May mga bagay na nangyayari na hindi mo na sinasabi pa sa kanila. Hindi na kailangan pang sabihin iyon sa kanila. Ang sinasabi ko lamang sa mga tao ay ang mga bagay na sa tingin ko'y makakatulong sa kanila, kapag inuudyukan ako ng Panginoon na sabihin sa kanila, halimbawa, "Sabihin mo ang ganito." Hindi mo na gustong sabihin pa ang lahat ng nakita mo, dahil hindi naman na magiging tama ang ganoon, nakita n'yo, basta mo . . . siyempre, mapapahamak ka at kung anu-ano pang gaya niyon. Dapat alam mo kung papaano dalhin ang mga ganung bagay sa pamamagitan ng Espiritu ng Panginoon.

¹⁷ May mga taong tumayo na sa harapan ko at nagtanong sa akin ng mga katanungan, na alam na alam ko na, pero hindi ko sinasabi sa kanila, dahil sadyang nadama kong pinipigilan akong gawin iyon. Naaalala n'yo, sa palagay ko'y noong nakaraang Miyerkules ng gabi, nangaral ako tungkol sa, *Isang Bilanggo*. Kita n'yo? Kita n'yo, gusto mong sabihin sa tao na iyon, subalit Mayroong nagsasabi, "Huwag mong gawin 'yon." Sinasabi ng Espiritu, "Huwag mong gawin 'yon. Huwag mong gawin 'yon." Gayunma'y isang kaloob mismo ang nakatunghay dito, kita n'yo. "Huwag mong gawin 'yon. Huwag mong gawin 'yon." Kita n'yo, kaya mainam nang huwag mo na ngang gawin 'yon; kung magkagayo'y mananagot ka sa Diyos.

¹⁸ Ngayon, hindi tayo pumaparito ngayong gabi para lamang tumayo dito. Nais nating marinig ang Salita ng Panginoon. Matagal na kayong nananalangin at nagkaroon tayo ng napakagandang sandali, at—at ako . . . sa tuwing nagpupunta ako'y alam kong nagdadala lamang ako ng isang maliit na aklat ng teksto dahil mayroong . . . Kung minsan si Kapatid na Neville ay napakagiliw na patuloy niyang hinihiling sa akin, "Maaari bang ikaw na ang gumawa *nito*," o "gumawa *niyan*," o "mangaral?" At titingin ako rito hanggang sa makakita ako ng isang teksto ko ng kung ano at saka diyan natin ito sinisimulan. At sigurado ako . . . Ngayon, tiyakin sa Linggo . . .

¹⁹ Ngayon, hindi ko . . . Hindi natin kailanman malalaman, hindi natin masasabi. Nakita n'yo, may mga pagkakataong nagpupunta ako dito na may—may isang teksto sa isip ko na ipapangusap ko, at pagkarating dito at nababago naman ito nang lubusan. At may Mga Kasulatan akong isinulat, sabi ko, "Gagamitin ko ang tekstong ito, gagamitin ko ang Mga Kasulatang ito. Habang dumarating ang mga iyon, sasabihin ko *ito*, *iyon* o ang *iba* pa." Magsusulat ako, gaya ng, Mga Unang Taga-Corinto 5:15, at Ikalawang Mga Taga-Corinto 7:1, at Mateo 28:16, at kung anu-ano pa, ilalagay lamang ito na ganyan, dito na paganito, at isusulat ang Mga Kasulatang iyon. At titingin doon, alam ko kung ano ang sinasabi ng Kasulatan doon; minsa'y ni hindi man lang 'yun mababanggit, labis na mapapaibang direksyon, nang lubos. At sadyang hindi natin talaga alam.

²⁰ Kaya ngayon, kung loloobin ng Panginoon, nais kong mangusap, sa pagtatapos nitong mga munting serye ng mga gawain mula pa noong maparito ako, noong Linggo ng umaga, sa isang napakahalagang bagay. Kaya, ngayon, pumarito kayo nang maaga, na nakahandang manatili nang medyo matagal-tagal, marahil ay mga alas-dos, mga ganoon. At kaya ito'y . . . Mayroon akong nasa mga tatlumpu o apatnapung Mga Kasulatang naisulat na tungkol doon sa paksa, ngunit sa palagay ko kung ano itong . . . ang sisikapin kong gawin, kung tutulungan ako ng Espiritu Santo, ay ang kunin ang Mensahe at ang dakong kinalalagyan Nito ngayon, at buuin Ito kung saan mismo Ito nagsimula, at buuin Ito nang tuluy-tuloy hanggang sa kasalukuyang panahon.

²¹ Kaya nga kapag ako—umalis na ako patungong Chicago, pagkatapos ay kailangan ko nang dumiretso sa Arizona, at pagkatapos ay magpapatuloy, nang tuluy-tuloy na. At maaaring, sa pagkakaalam ko, maaaring sa susunod na taon na muli, baka sa susunod na tag-araw, bago ako muling makabalik sa tabernakulo, libang mapadaang muli sa gawing ito, dahil may mga idadaos akong pagtitipon.

²² At si Billy, sa ngayon, ay inaayos ang pangingibang-bansa para sa kumpletong paglalakbay sa buong mundo simula na agad pagkatapos ng Pasko. At puno na talaga ako hanggang sa bandang mga Disyembre, at, buweno, marahil ay sa unang linggo ng Disyembre, sa Dallas. Kaya pagkatapos—pagkatapos sa Enero ay gusto naming simulan na ang isang kumpletong paglalakbay sa buong mundo, paikot, nang lubusan, at inaasikaso na namin 'yon ngayon, sadyang inaalam kung saan lang pangunahan ng Panginoon. At—at ako—ako'y lubos na nagpapasalamat sa . . . maging sa mga tao, sa mga ministro, gaano man ang sabihin ko laban sa kanilang—kanilang mga denominasyon at mga ganoong bagay.

²³ Alam n'yo, doon sa mga aklat na nakalagay roon sa likuran ngayon, pinamamahalaan ni Kapatid na Roy Borders ang mga paanyaya, at simula pa noong Pasko, nang simula ng taon, higit isang libo na ang mga paanyaya mula sa buong mundo. Isang libong paanyaya ang dumating doon. Kaya sadyang kailangan akong gabayan ng Panginoon kung alin sa mga iyon ang pupuntahan, at kung ano ang gagawin. Sadyang nakadepende tayo sa Kanya. Hindi mo mapapaunlakan ang lahat ng mga iyon. Iyong—hindi mo mapapaunlakan ang higit walo o sampu nun sa isang tag-araw kung kailangan mo man, sa isang—sa isang kumpletong . . . liban na lang kung pupunta ka ng isang gabi dito at isang gabi doon, at 'yun ay . . . humihiling sila ng dalawang linggo at tatlong linggo, at mga ganoon, hangga't makakapanatili ka, o sinasabi ng ilan sa kanila “basta hangga't pangunahan ka ng Panginoon,” at—at mga ganoon lahat, kaya hindi mo alam kung saan talaga magsisimula o

kung ano ang gagawin. Kaya inilalatag lang namin ang mga iyon sa harap ng Panginoon, sinasabi, “Ngayon, Ikaw po ang magsabi sa amin, Makalangit na Ama.” At tulongan n’yo akong manalangin tungkol sa bagay na ito, kita n’yo, tulongan n’yo akong manalangin na mairaos namin ito.

²⁴ At naisip ko, matapos na mairaos ang gawaing ukol sa pagpapagaling noong nakaraang Linggo, kung gayon marahil ngayong Linggo’y makapagturo naman tayo at talakayin ito mismo at ipakita kung ano—kung anong panahon na tayo... kung nasaan na tayo, kung ano—kung anong—kung anong—kung ano ang—ang tatlong-luping layunin ng dakilang plano ng Diyos simula pa noon bago ang pagkatatag ng sanlibutan, at dalhin ito hanggang sa panahon ngayon, ang tatlong-luping plano ng Diyos, ang planong iyon. Inaayos ko na ang ikalawang bahagi nito ngayon, kinukuha ang Mga Kasulatan, at hinahanap ang mga iyon at ipinupwesto ang mga iyon.

Ngayon, tingnan natin, iyukod natin ang ating mga ulo sandali.

²⁵ Panginoong Jesus, ang dakilang Pastol ng kawan, nagkatipun-tipon kami dito ngayong gabi sa Iyong pinakamapagpalang, banal na Pangalan. Iniibig Ka namin, Panginoon, at pinasasalamatang Ka namin para sa gabing ito ng pagtitipon sa panalangin, para sa mga awit ng iglesya habang aming inaawit ang mga iyon nang may kagalakan sa aming mga puso, at—at narinig ang mga iyon habang dumarating sila, na ipinapalampak ang mga kamay. At pagkatapos kami ay nagsiluhod at lahat ay ibinuhos ang aming puso sa Iyo, at pinasalamatang Ka para sa Iyong ginawa para sa amin, at—at hinihiling sa Iyo na patuloy Mo po kaming samahan sa paglalakad.

²⁶ At ngayon dumating na ang oras para sa pagbabasa ng Salita at para sa isang bagay na ipapangusap, sa mga tao. Patnubayan po kami sa aming mga pag-iisip, Ama, at magtamo Ka ng kaluwalhatian. At mangusap ngayong gabi, sa amin, na makatutulong sa aming lahat na lumabas ditong taglay ang isang layunin sa aming mga puso na mamuhay nang higit na mabuti at mas malapit sa Iyo higit kailanman. Iyon po ang ipinarito namin, Panginoon, naririto kami upang higit pang makaalam ng tungkol sa Iyo. At dalangin namin na ihahayag Mo ang Iyong dakilang Katauhan sa amin ngayong gabi sa kapahayagan ng Iyong Salita, nang sa gayon ay malaman namin kung papaano maging isang—isang mas mabuting Cristiano at kung papaano kumilos sa mga huling araw na ito. Hinihiling po namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

²⁷ Ngayon, dumako ang paningin ko sa isang teksto dito sa Isaias, Isaias 38. Basahin natin dito sa Isaias, Isaias 38.

Nang mga araw na yaon ay may sakit na ikamamatay si Hezekias. At si Isaias na propeta na anak ni Amoz ay naparoon sa kaniya, at nagsabi sa kaniya, Ganito ang sabi ng PANGINOON, Ayusin mo ang iyong sangbahayan: sapagka't ikaw ay mamamatay, at hindi mabubuhay.

Nang magkagayo'y ipinihit ni Hezekias ang kaniyang mukha sa dingding, at nanalangin sa PANGINOON.

At nagsabi, Alalahanin Mo ako, Oh PANGINOON, ipinapakiusap ko sa iyo, kung paanong ako'y lumakad sa harap mo sa katotohanan at may dalisay na puso, at gumawa ng mabuti sa iyong paningin. At si Heze- . . . Hezekias ay umiyak ng di kawasa.

Nang magkagayo'y dumating ang salita ng PANGINOON kay Isaias, na nagsasabi,

Ikaw ay yumaon, at sabihin mo kay Hezekias, Ganito ang sabi ng PANGINOON, ng Dios ni David na iyong magulang, Aking dininig ang iyong panalangin, aking nakita ang iyong mga luha: narito, aking idaragdag sa iyong mga kaarawan ang labing limang taon.

²⁸ Idagdag nawa ng Panginoon ang Kanyang mga pagpapala sa pagbasang ito. Isa itong napakagandang paksa para sa isang maiksing mensahe rito, sa tingin ko. Nais ko itong pamagatan ng: *Hindi Hinahatulan Ng Diyos Ang Tao Nang Hindi Muna Siya Binabalaan*. At tayo ay—tayo ay—kinakailangang maunawaan natin ang—ang pinagbatayan o ang programa nito rito, sa tekstong ito ngayong gabi, binabalaan ng Diyos ang tao bago siya dalhin sa kanyang kamatayan.

²⁹ Ngayon, mayroon nito ang bawat isa. Maaaring sabihin natin, “Aba, ’yung taong ito ay namatay nang wala man lang babala.” Hindi, hindi, hindi. Ang Diyos kailanma’y hindi. . . Hindi n’yo alam kung ano’ng nasa puso nung tao, hindi n’yo alam kung ano’ng nangyayari sa buhay niya. Kita n’yo? Hindi kailanman dinadala ng Diyos ang sinumang tao sa kanyang kamatayan nang hindi muna siya binabalaan tungkol dito, na sinasabi sa kanya, na ito’y isang bagay, isang pagpapahanda. Ang Diyos ay—ay ganap na makapangyarihan, at Siya—kumakatok Siya sa puso ng bawat tao, binibigyan ito ng pagkakataong makalapit. Ngayon, maaaring nagbababala na Siya at tinatanggihan naman niya Ito, at—at iilingan niya Ito at lalayo na, sasabihin, “Ah, isa lamang itong kakatwang pakiramdam, mawawala rin ito sa akin.” Ngunit, gayon man, ang Diyos iyon, ang Diyos na nangungusap sa kanya.

³⁰ At ni hindi kailanman nagdadala ng kahatulan ang Diyos sa lupa nang hindi muna nabibigyang-babala ang mga tao. Hindi kailanman gumagawa ng kahit ano ang Diyos nang hindi muna ipinapabatid kung ano ang Kanyang gagawin. At binibigyan Niya ng pamimilian ang mga tao, at maari mong—maari

mong gawin ang tama o ang mali. Iyan ang Kanyang... Kita n'yo, hinding-hindi maaaring baguhin ng Diyos ang Kanyang—Kanyang kalikasan. Hindi kailanman maaaring magbago ang Kanyang programa mula sa nasimulan na Niya, sapagkat wala Siyang katapusan at ang Kanyang programa at ang Kanyang mga ideya ay pawang sakdal. Kaya, kung babaguhin Niya Ito, magpapakita 'yon na nadagdagan pa ang kaalaman Niya. Kaya, bilang walang katapusan, hindi na maaaring madagdagan pa ang kaalaman Niya. Ang Kanyang—ang Kanyang unang—ang Kanyang unang pasya ay palagi nang sakdal, at wala nang anumang makapagpapabago pa Dito. Kita n'yo?

³¹ Ang Diyos, bago pa man mailagay ang tao... nagkaroon ng pagkakataong gumawa ng mali, inilagay na siya ng Diyos sa batayan na kung saa'y maaari siyang tumanggap o tumanggi, maaari niyang tanggapin o—o hindi.

³² Teka, siya nga pala, kung narito 'yung ministro, na si Kapatid na Baker, yata iyon sa palagay ko na naroon sa—sa mga pakikipanayam noong isang araw, nakuha ko na ang kanyang mga katanungan na isinulat niya para sa akin tungkol sa binhi ng serpiyente. Narito na sa akin ang mga iyon dito ngayon. Kung naririto siya, aba, buweno... Hindi ko siya makita ngayon mismo kahit saan. Pero narito na ito. Siya at ang kanyang maybahay, isang napakabuting lalaki at isang— isang babae, subalit kanilang—hindi nila maunawaan ang ilang bagay tungkol sa aral ng binhi ng serpiyente, kung paano na—na... ilang mga katanungan tungkol sa sinabi ko, at—at mga pangangaral bukod pa roon, at—at pinag-uusapan ang tungkol doon sa—sa pambubuntis at iba pa. Ngunit ako... saka ganoon lamang itong kapatid, isang mabuting tao, naging Cristiano mga ilang taon na o dalawa, subalit hindi lamang talaga naunawaan, nakita n'yo.

³³ Mahirap ito kung hindi ninyo... Kailangan ninyong dumepende sa Espiritu Santo dahil nakasulat ang Bibliang ito sa mga talinghaga. Hindi ka pwedeng basta na lamang maupo at basahin Ito na parang isang diyaryo. Ito'y ikinubli. Siyanga, po. Paano n'yo bibigyang-katwiran ang Diyos nang sabihin Niya noon kay Moises doon, sabi, “Ngayon, huwag kang gagawa ng anumang larawang inanyuan,” sa mga kautusan Niya, “huwag kang gagawa ng anumang gaya ng Langit, anumang—anumang Anghel, o kahit ano pa man, huwag kang gagawa ng anumang larawang inanyuan,” at gayun pa man nang araw ding iyon ay sinabi sa kanyang maghulma ng dalawang Anghel mula sa tanso at ilagay ang mga iyon doon mismo sa luklukan ng awa, kung saan naroon ang awa? Kita n'yo? Kailangang kilala n'yo ang Diyos at ang Kanyang kalikasan bago ninyo maunawaan ang Kanyang Salita. Siya—Siya—nasa Kanya ang susi sa Salitang iyon, Siya Mismo, at Siya—Siya lamang ang nag-lisang may

kakayahan—may kakayahang humawak Nito at magbukas Nito, at kaya Siya Yaong dapat na maghayag Nito.

³⁴ At ngayon, nalaman natin na ang Kanyang kalikasan ay, dito, ang laging magbabala sa isang tao bago ang paghatol, ang magbabala sa isang bansa bago ang paghatol, at iba pa. Siya ay palaging nagbibigay ng Kanyang babala, na isang paalala sa atin, tungkol sa isang tungkulin. May pananagutan tayo, at inilagay tayo ng Diyos dito sa mundo para sa isang layunin, at ang layuning iyon ng paglalagay Niya sa atin dito, tayo ay may pananagutan sa Kanya sa layuning iyon. Nararapat kayong magtungo sa Kanya at alamin kung ano'ng nais Niyang ipagawa sa iyo. Kita n'yo? Kung hindi n'yo. . .

³⁵ Kung nagpunta ka upang magtrabaho para sa isang tao, at binigyan ka niya ng trabaho sa isang rantso, o kung ano pa, at lumabas ka lang sa bakuran at naupo lamang doon, at sasabihin, “Buweno?” Kita n'yo, kailangang pumaroon ka't tanungin siya kung ano ang nais niyang ipagawa sa iyo, at pagkatapos gawin mo iyon. Kung namamasukan ka sa isang tao, alamin mo kung ano ang mga tungkulin mo.

³⁶ At kung gayon kung ang buhay natin ay narito sa—sa lupa, kung gayo'y nararapat tayong lumapit sa Isa na Siyang naglagay sa atin dito, at, “Panginoon, ano po'ng nais Mong ipagawa sa akin? Ano—ano—ano'ng nararapat kong gawin? Bakit po kaya ako naririto?” Kung ito'y para maging isang maybahay, tagahugas ng plato, kung ito'y para maging . . . Anuman ang nais ng Diyos na gawin n'yo, kung gayo'y gawin n'yo iyon sa abot ng nalalaman n'yo sa pagsasagawa dito. Kahit na gaano pa kaliit, kahit na gaano pa ito kaliit, kailangan n'yo itong gawin.

³⁷ Sasabihin n'yo, “Buweno. . .” Ang problema kasi dito, ay, gusto ng bawat isa sa atin na gawin ang trabaho ng ibang tao. Gusto nating lahat na dalhin ang bola, gaya nga ng sabi natin, nakita n'yo.

³⁸ Gaya nitong orasan dito, ngayon, bawat munting pagkilos doon ay may lugar. Ngayon, hindi puwedeng maging mga kamay ang bawat bahagi nito. Ngayon, tumitingin lamang ako sa mga kamay para makita kung anong oras na. Pero kung mawala sa lugar ang isa sa maliliit na engranaheng iyon sa loob, hindi na nito mapapanatili ang tamang oras.

³⁹ At ganyan din sa mga tao. Tayong lahat, ang Katawan ni Cristo, ay kailangang nasa kani-kanilang posisyon, na nagkakasundo. Kita n'yo? At kung gayo'y makapagmamasid-masid tayo at makikita kung anong oras na ng araw ito. Kita n'yo? Saka nakatunghay ang sanlibutan upang makita kung ano ba ito. Kita n'yo? Kita n'yo? Ngunit minamasdan ka nila. At kung isa ka lamang munting pinong kuwerdas ng relas, pangunahing kuwerdas ng relas, o maging ano ka man, gawin mo ang pinakamaiging trabaho na magagawa mo doon.

⁴⁰ Ngayon, dahil, mayroon tayong tungkulin na dapat nating panagutan sa Diyos pagdating ng panahon. Bawat taong naparito sa ibabaw ng mundo ay dapat managot sa Diyos para sa isang tungkulin. At, sa karamihan sa atin, ay isang pagkakatiwala, na kailangan nating panagutan. Tayo... Ang tungkuling ito ay isang pagkakatiwala na inihabilin sa atin ng Diyos, wala akong pakialam kung ano pa man ito. Gaya nga ng sinabi ko kani-kanina, “isang maybahay,” kung gayo’y maging isa kang tunay na maybahay. Tama ’yon. Kung ito’y ang maging isang magsasaka, maging isang tunay na magsasaka. Kahit ano pa ito na inilagay sa iyo ng Diyos na gawin mo, mayroong isang pagkakatiwala sa iyo diyan, na dapat mong panagutan sa Diyos, dahil kinakailangan ang lahat ng mga bagay na ito upang magawa iyon.

⁴¹ Sinabihan si Hezekias na gumawa ng paghahanda at maghanda na dahil sa kailangan na niyang katagpuin ang kanyang Manlilikha. Ngayon, isang hari si Hezekias, at isang— isang dakilang tao. Napansin n’yo ba ang pakiusap niya rito? “Panginoon, idinadalangin ko sa Iyo na alalahanin Mo po ako. Ako—lumakad po ako sa harap Mo nang may sakdal na puso.” Napakagandang patotoo iyon sa—sa—sa atin ngayon, at ito’y marapat lamang, sa isang taong lumalakad sa harap ng Diyos.

⁴² Maging ang kamatayan ay inihatol na doon sa tao at gayunma’y binago ng Diyos ang Kanyang isip hinggil sa kanya, dahil may bagay pang nais na gawin si Hezekias at sinabi ng Diyos na Kanyang “ipagkakaloob ang mga nasa ng ating puso.” At dumating na ang oras ni Hezekias, at siya—nagkaroon siya ng kanser, o kung ano pa mang iba, at—at tinatawag nila itong “isang bukol” nang panahong iyon, ngunit alam nating hindi ka naman karaniwang mamamatay sa mga bukol, kusa lang gumagaling ang mga iyon. Subalit maaaring kanser iyon, at lumabas itong gaya ng isang bukol. At—at sinabi ng Diyos kay Isaias, sabi, “Pumaroon ka at sabihin sa kanyang mamamatay na siya.” At may bagay pang nais na gawin si Hezekias. Mayroon siyang—mayroon siyang...

⁴³ Kapag nagsumamo ka ng anumang sa Diyos, dapat may dahilan ka para dito. Ito’y gaya lamang ng Kasulatang ito na madalas kong banggitin, “Kung sasabihin mo sa bundok na ito, ‘Malipat ka,’ at hindi mag-aalinlangan, kundi sampalatayanan na magaganap ang iyong sinabi, makakamtan mo ang iyong sinabi.” Ngayon, ’yan lahat ay kontrolado sa motibo at layunin, kita n’yo, o hindi iyon mangyayari. Kita n’yo?

⁴⁴ Hindi ka puwedeng basta na lang pumunta rito... Doon nakakagawa ng maraming mga pagkakamali ang karamihan sa atin, ay ang pagpunta roon at pagsasabi, “Ngayon, ipapakita ko sa inyong mayroon akong pananampalataya para magawa ito.” Ngayon, mali ka na sa simula pa lang. Hindi ka binibigyan ng Diyos ng mga kaloob para lang paglaruan iyon.

⁴⁵ Gaya nga ng sinasabi ko kani-kanina lang, hindi ka Niya pinakikitaan ng mga pangitain na para lang paglaruan mo. Hindi iyon bagay na pinaglalaruan. Sagrado iyon. Gamitin lamang ito sa . . .kung saan ipahihintulot sa iyo ng Panginoon. Maging isang bilanggo ka sa Kanya. Kahit gaano mo pa kagustong sabihin doon sa tao na mali siya, at kung ano ito, iyon, o ang iba, manahimik ka lang hanggang sa sabihin na ng Diyos ang gayon. Pagkatapos kapag sinabi na ng Diyos ang gayon, saka ka pumuntang dala ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON! Hanggang sa magkagayon muna, kalimutan mo na lang ang tungkol dito.

⁴⁶ Ang—ang sanlibutan ngayon ay gaya rin noon kay Hezekias, nabigyang-babala na ito. Patuloy itong binibigyang-babala. Ang iglesya ay binabalaan na. At, ngayon, hindi nangyayari ang mga bagay na ito nang—nang nagkataon lang. Ang lahat ng iyon ay may kung anong nasa likod ng mga iyon.

⁴⁷ Ngayon, si Hezekias, na nagkasakit, sa pagkakaroon nitong bukol, hindi iyon nagkataon lang. Isinugo ng Diyos si Isaias doon at sinabi sa kanya na isaayos na ang kanyang sambahayan ngayon dahil mamamatay na siya. At umiyak si Hezekias, at sinabi sa Diyos, “Ako’y lumakad sa harap Mo nang may sakdal na puso at aking—aking idinadalangin sa Iyo na hayaan pa akong mabuhay para sa isang layunin, isang mabuting layunin, ang layunin ng Diyos.”

Sinabi ng Diyos sa propeta, sabi, “Bumalik ka at sabihin sa kanya.”

⁴⁸ Ngayon hindi ba’t kakatwa iyon? Si Hezekias ang pinakadakilang tao noon sa lupain. Kita n’yo? Isang hari si Hezekias, at isang taong maka-Diyos. Isa siyang tunay na lalaki, kung naisamo niya ’yun sa Diyos at hindi siya sinaway ng Diyos dahil dito, “Lumakad ako sa Iyong harapan nang may sakdal na puso.” Ngayon ’yon ay pagsasabi ng talagang malaking bagay. Kita n’yo?

⁴⁹ At hindi kailanman sinabi ng Diyos, “Hindi, Hezekias, hindi mo ’yon ginawa,” kundi tinanggap Niyang ginawa nga talaga nito iyon. At sabi Niya, “Ako’y—Aking pahahabain pa nang kaunti ang buhay mo.” Kita n’yo? “Ipagkakaloob Ko sa iyo ang iyong kahilingan,” kita n’yo, dahil naging matuwid siyang tao, siya’y naging isang—isang tunay na lingkod kay Cristo.

⁵⁰ At saka natin madarama na may karapatan tayong humiling ng isang bagay kung—kung tama ang ating layunin, at saka ang motibo natin dito.

⁵¹ Ngayon, nakikita natin ngayon na sa mga nakalipas na maraming taon, sasabihin kong sa nakalipas na labinlima, hanggang sa higit na marami pang taon, na patuloy na mayroong babala sa buong bansa, “Magsipagsisi, o mangapahamak!”

52 Napansin n'yo, nakausap ko ngayong araw ang asawa ko nang maaga kaninang umaga lang, at ako...maaga noong almusal, nakaupo kami noon na nag-uusap sa may hapag bago ako umalis. At sabi ko, "Asawa ko..." Ikinukuwento niya ang tungkol kay Billy Graham, at tungkol sa asawa niya, sadyang kung gaano lang kaordinaryo at lahat-lahat na na sinisikap nilang mamuhay. Sabi ko, "Ganoon ang isang tunay na lingkod kapag sinisikap niya na hindi...gayong siya...yung tao pa nga marahil ay nakakagawa ng dalawa o tatlong milyon sa isang taon mula sa kanyang mga kampanya, ngunit hindi niya iyon tinatanggap, ang kanyang lingap-kapwa ang kumukuha nito, ibinabalik ito sa mga gawain at sa mga isinasahimpapawid na programa, at iba pa. At ang natatanggap ni Billy ay mga nasa dalawampu't limang libo sa isang taon."

53 Sabi niya, "Paano kaya niya nagagastos ang dalawampu't limang libo sa isang taon?"

54 Sabi ko, "Siya—kinukuha niya kung ano lang ang kailangan niyang kunin, 'yun lang. Mayroon siyang bahay na kailangan niyang bayaran, at lahat na." Nagpatuloy pa ako, at sabi ko, "Napakalaki ng respeto ko kay Billy Graham," sabi ko, "dahil mayroon siyang isang mensahe, at ang mensaheng iyon ay pagsisisi."

55 At saka, sasabihin ko sa inyo, wala na akong kilala pa, na nasa lupain ngayon, na ginamit ng Diyos sa mensaheng iyon na gaya ni Billy Graham. Oh, talagang bihasa siya rito, at siya'y basta tumatayo lang doon at, ibig kong sabihin, tinatawag niya ang mga pulitikong iyon at mga miyembro ng iglesia tungo sa pagsisisi. Subalit hanggang doon lang siya sa ganoon.

56 At heto si Kapatid na Oral Roberts, isa pang dakilang lingkod ng Panginoon. At wala nang pumaparoon at maikukumpara kay Oral Roberts. Yaong mala-bulldog na sunggab ng sadyang—ng sadyang pagpapalayas ng masasamang espiritu at ang pagtawag sa Pangalan ng Panginoon at—at ang mumunting mga sensasyon, at kung anu-ano pa, tungkol sa Makalangit na pagpapagalang. Talagang tama 'yon. Mayroong isang mensahero sa Pentecost.

57 Mayroong isang mensahero para sa mundo ng makadenominasyong iglesia, kita n'yo, at sa nanlalamig na mundo.

58 At pagkatapos pagmasdan ang sarili nating munting abang ministryo, naninindigang "Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman," nakita n'yo. Ano'ng ginagawa nun? Tinatawag yaong pangkat ng Nobya, nakita n'yo. Kita n'yo? Kita n'yo, ito'y—tumatawag ito mula roon sa parehong pangkat na iyon. Ito'y pagkuha ng isang Gulong mula sa gulong. Nakita n'yo kung ano'ng ibig kong sabihin?

⁵⁹ At saka pinatotohanan ng Diyos ang mensaheng iyon na ipinapangal ni Billy Graham. Pinagagaling ng Diyos ang mga maysakit sa pamamagitan ng mga panalangin ni Oral Roberts. At ginagawa ngayon ng Diyos ang mga bagay na si Jesus. . . na nagpapatunay na si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. At tinatawag nito ang mga bagay na iyon na . . . Mga mensahe ito para sa panahong ito. At bawat isa sa mga mensaheng iyon ay nananawagan, “Magsisi, o mapahamak!” Tama iyan. “Magsisi, o mapahamak!” Wala nang pag-asa pa, naglaho na itong lahat. Nabalaan na ang sanlibutan tungkol sa Kanyang Pagparito. Nangungusap ang bawat mensaheng iyon at nagbababala tungkol sa Pagparito ng Panginoong Jesus, kapuwa sa iglesyang denominal . . .

⁶⁰ Tandaan, ang Diyos ay palaging nasa tatlo. Katulad ng Ama, Anak, at Banal na Espiritu; at ng pag-aaring-ganap, at bau- . . . at pagpapabanal, bautismo ng Banal na Espiritu; at iba pa; nasa tatluhan Siya.

⁶¹ Ngayon, ang Diyos yaong mensahe ng pagsisisi para doon sa mga iglesyang nominal. Naroon ang Diyos sa mensahe ng Makalangit na pagpapagaling para naman doon sa iglesyang Pentecostal. Ang Diyos ay nasa Mensahe para sa Nobya. Kita n’yo? Kaya napag-alaman natin na lahat ng mga iyon ay nananawagan, ang isa sa *ganito*, ito naman sa *ganyan*, at iyon naman para sa *ganoon*. Tinatawag ng Diyos ang iglesya palabas ng sanlibutan; ang . . . tinatawag ang iglesyang nasa iglesyang denominal patungo sa Pentecost; at tinatawag ang Nobya palabas ng Pentecost. Kita n’yo?

⁶² Katulad ng kina Luther, Wesley, at ng ngayon. Kita n’yo, talagang lubos itong naitipong lahat at walang anumang pagkakamali tungkol dito. Naabot ko na ang lahat ng dulo nito, pati mga tagiliran nito, at ang loob at labas nito, at naipakita na iyon sa pamamagitan ng Kasulatan, ang pagkakasunod-sunod nito, hanggang sa malaman nating ito ay talaga nang siyang Katotohanan. Kita n’yo? Walang pagkakamali. Umaasa ako na sa Linggo’y lubos itong ikintal ng Diyos na hindi n’yo na magagawa pang lumayo dito. Kita n’yo?

⁶³ Ngayon, nagbibigay ng babala ang Diyos, “Maghanda na para sa isang paghatol.” Naroon na sa mga silungang para sa mga eroplano ang mga bomba atomika, nangakahanda nang lahat. At ang Diyos, bago Niya pahintulutang maganap ang bagay na ito, magtatawag Siya nang magtatawag, gaya ng ginawa Niya noon sa Sodoma, “Magsilabas kayo rito. Magsipaghanda na kayo. May bagay na magaganap.”

⁶⁴ Tulad noong panahon ni Noe, bago ipinadala ng Diyos ang mga tubig para gunawin ang mundo noong dakilang panahon bago ang paggunaw sa sanlibutan sa pamamagitan ng baha na nalugmok na sa kasalanan, gaya nga ng malinaw na sinabi

ni Jesus na iyon ay panahon na sadyang katulad nito. “Kung paano ang nangyari noong panahon ni Noe, ay gayon din naman ang mangyayari sa pagparito ng Anak ng tao.” Kung papaano na ang mga kababaihan ay nagwawala na, at—at nag-aasawa at pinag-aasawa, at—at ang naglalakihang maka-siyentipikong tagumpay, at ang matatalinong may pinag-aralan na nakahilig na sa pagka-intelektuwal, at nakaupo naman ang munting abang Kawan sa isang gilid sa paghihintay sa napipintong paghatol at sa pagtakas. At bago ipinadala ng Diyos ang paghatol na iyon, ay nagsugo Siya ng isang propeta.

⁶⁵ Gaya na lamang ng ginawa Niya kay Hezekias, sabi Niya, “Magsipaghandanda na, sapagkat handa nang bumaba ang mga hatol.”

⁶⁶ At pinaghanda niya ang mga tao para sa naturang panahon. Pinaghanda ni Noe ang mga tao, at isa iyong pagtawag ng awa bago ang paghatol.

⁶⁷ Ipinabatid na sa Ninive bago pa ang kanilang oras. Tumunghay ang Diyos sa Ninive, at sabi Niya, “Ako—nagsasawa na Ako at napapagod na sa mga bagay na ito.” Ako—ako—nauunawaan ko na—na ang . . . kahit na ang tanyag, na paganong mundo ng mga Gentil . . . Ang kanilang bayan, kung paano ang nangyari nang panahong iyon, hinahatulan nila sila noon ayon sa bayan, ngayoy ayon na sa mga bansa, ngayon matapos na lumaganap ang populasyon nang ganoon. Kanyang sinabi, “Ang dakilang bayang iyon ay bumigay na, nang lubos, sa kasalanan.”

⁶⁸ At ang Diyos, bago Siya magpadala ng paghatol, ay nagpadala Siya ng isang mensahe ng babala, “Magsilabas kayo riyan! Magsipagtuwid kayo!” Masdan, walang anumang sinabi ang propeta kundi—kundi ang maging . . . Sabi, “Mawawasak ang bayang ito sa loob ng apatnapung araw.”

⁶⁹ At, oh, kung papaanong kung minsan ay mahirap na gawin ang mga ganoong bagay, ang sabihan ang mga tao. Kung hindi magbabantay ang propeta, mapapasok siya sa gulo, dahil para bang mapupunta siya sa isang panig, sinisikap itong pagaanin, o kaya ay makipagkompromiso nang kaunti rito at kaunti roon. Subalit ang tunay na propeta’y may utos na galing sa Diyos, hindi kailanman dapat na ikompromiso ang anuman, kailangan niya itong lubos na mailagay mismo sa linya.

⁷⁰ Iyon ang dahilan kaya napakadalas Niyang ginamit ang espiritu ni Elias, kita n’yo, dahil sa isinasakatuparan lagi ng espiritung iyon ang Kanyang mga utos. Nakita n’yo? Kita n’yo, inihahatid nito ang Kanyang mga utos nang tumpak sa kung ano Ito, at sa tuwina’y ang “Bumalik kayo sa Salita!” Kita n’yo? Palaging isang pagpapanumbalik sa kanila sa Salita.

⁷¹ Ngayon, nasumpungan natin ang Ninive na nasa kasalanan. At atubili ang propeta sapagkat ’yon ay mundo ng mga Gentil, kita n’yo, isa iyong bansang Gentil, mga taong Gentil; hindi

ang sariling kanya, hindi iyon mga Hebreo. Mga Gentil sila. Isang malaking barko, pangkalakalang daungan ang Ninive, naroon ang malaking industriya ng pangngisda, nangingisda ang mga tao. At—at sila—mayroon silang. . . mayroon marahil silang lubhang makasalanang bansa roon. Maraming salapi; at—at kung saan nananagana ang salapi, at ang mga tao'y nakahilig sa kung ano ang palagay ng nakararami noong panahong iyon, pumapasok lagi ang kasalanan, at karahasan.

⁷² Nayamot na rito ang Diyos. Kaya naglagay Siya ng isang propeta sa lupain, kaya sinabi Niya sa Kanyang propeta, “Magpunta ka roon sa Ninive at humiyaw, at sabihin, ‘Sa loob ng apatnapung araw ay mawawasak ang bayang ito.’”

⁷³ Ngayon, naisip ni Jonas ngayon, “Alam mo, baka mapasok ako sa kaunting gulo.” Kaya gusto niyang higit na makatiyak, kaya naisip niyang magbakasyon nang kaunti at—at magtungo doon sa Tarsis. At nalaman natin na ang. . . mayroon na lang natitirang apatnapung araw. Kita n’yo?

⁷⁴ Kaya apurahan ang Mensahe, ang oras ay malapit na. Huwag nang mag-aksaya pa ng panahon sa iba pang mga bagay at kumuha ng titulo ng Batsilyer sa Sining at alamin ang kung anong bagay. Malapit na ang oras! Iyan ang problema sa mga tao ngayon, sinisikap nating magtayo ng naglalakihang mga paaralan at magkaroon ng naglalakihang mga bagay na ganon. Samantalang ang biyaya. . . Naku! Kung ang ipinangangal natin ay ang Pagparito ng Panginoon, ano pang kailangan natin sa mga paaralan? Kailangan natin ng pagsisisi sa Diyos! Kita n’yo?

⁷⁵ Tulad ng sinabi noon ni Hudson Taylor sa isang bata pang misyunero, sabi niya. . . O, isang bata pang lalaking Intsik ang lumapit sa kanya, sabi nito, “G. Taylor,” sabi, “pinuspos ako ng Panginoong Jesus ng Kanyang Espiritu.” Sabi, “Ako—napakasaya ko!” Sabi, “Dapat na po ba akong gumugol ng sampung taon ngayon at kumuha na ng mga digri ko at iba pa?”

⁷⁶ Sabi niya, “Anak, huwag ka nang maghintay pang magkaroon ng mga digri. Kung may sindi na ang kandila, humayo ka na’t ipabatid Ito! Humayo ka na’t ipabatid Ito. Huwag nang maghintay pang magkaroon ng mga digri. Huwag na, magiging upos ka na halos bago ka pa man makapagtapos, para sa mga digri mo.”

⁷⁷ Ating, kapag nasindihan na ito, kung wala kang ibang alam, basta sabihin lang kung paano ito nasindihan. At basta—huwag mo lang subukang kunin ang lugar ng kung sino pang iba, o lugar ng kung ano pa. Kapag alam mo na ito, basta sabihin mo lang kung ano ang alam mong Katotohanan, “Sa ganitong paraan Ito dumating sa akin, at ganito ang nadama ko tungkol Dito.” Iyon ay. . . Kung wala ka nang alam na higit pa doon, sabihin mo iyon! Tayo na! Apurahan ang Mensahe, malapit na ang oras.

78 Ngayon, paano kung sinabi ni Isaias, “Buweno, ngayon ay maghihintay ako at titingnan kung ano ang mangyayari sa kanya sa bukol na iyon, muna, alam mo. Titingnan kung papaano—kung papaano ito. . .”?

79 Kita n’yo, sinabi ng Diyos sa kanya, “Pumaroon ka at sabihin mo sa kanya, ngayon din!” Kita n’yo?

At sinabi Niya kay Jonas na pumaroon. Oh, naku!

80 At nang naroon na siya sa karagatang iyon at doon sa malalim na dagat, at—at nasiraan ’yung barko dahil sa bagyo, at itinaas na nila ang layag at saka nagpaikut-ikot, nagtataka sila kung ano ba ang nangyayari doon. Pero hindi nila malaman kung ano, para bang di na iyon makausad dahil pinasok na ng tubig. At—at nananawagan na ang bawat tao sa kanya-kanyang diyos, at malalaman mo na lang. . . Nasa kanyang pagbabakasyon noon si Jonas, kaya naisip niyang mainam pang matulog siya, at nagpunta marahil siya sa may dingding ng barko, at nakahiga siya roong nakapataas pa ang mga paa, natutulog. At sabi niya, “Gumising ka, Oh tamad, at manawagan ka sa Diyos mo!” At nalaman ni Jonas kung ano ang problema.

Gayon din nga na alam ng bawat tao kung ano’ng problema ngayon! Kita n’yo?

81 At sabi niya, “Kasalanan kong lahat ito. Kunin n’yo ako at igapos ang mga kamay ko, at ihagis n’yo ako sa dagat, at saka huhupa ang unos na ito.” At sila’y may pagkamaginoong pangkat ng mga lalaki at ayaw nilang gawin iyon, subalit natuklasan nilang isa pala siyang propeta at nalalaman kung ano ang kanyang sinasabi. Sabi niya, “Ako—akala ko’y makakapagbakasyon muna ako, ngunit—ngunit hindi nais ng Panginoon na magkaroon ako nitong bakasyong ito. Kailangan kong makarating doon, may tungkulin akong gagawin. Naisip kong mamahinga muna nang kaunti bago ako tumuloy, pero kailangan ko nang umalis. Ang—ang mensahe ay apurahan, kailangan ko nang makarating doon.”

82 Nakikini-kinita ko na, nang ’yung isang inihandang isda’y lunukin si Jonas doon sa kanyang tiyan, bumaligtad siya ng direksyon at nagbuga ng tubig sa lahat ng dako, at nagtungo sa Ninive sa abot ng makakaya niyang bilis. Dadalhin na ng Diyos ang mensaheng iyon doon sa ibayo sa isang inihandang isdang iyon. At nagtungo siya sa Ninive sa abot ng makakaya niyang bilis, dahil siya—mayroon siyang nakalulang mensahero at kailangan niya siyang madala doon. Maling barko ang nasakyan niya, ngunit naglaan ang Diyos ng isang barko pa para sa kanya.

83 Kaya, alam n’yo, kayang gumawa ng Diyos ng mga dakilang bagay kung makikinig lang tayo sa Kanya. Kita n’yo? Siya—gagawa Siya—gagawa Siya ng mga daan kung saan walang daan. Siya ay ang daan. Kita n’yo? At kapag talagang apurahan na

ang Mensahe, gaya Nito ngayon, nagkakaloob ang Diyos ng isang daan.

⁸⁴ Mapapansin nating muli nang si Amos. . . Ipinangaral ko na ang tungkol sa taong ito, si Amos. Kung nais n'yong basahin ang kuwentong iyon minsan, maganda ito, basahin n'yo ang kuwento ni Amos, ang unang kabanata ng Amos. Isa pa siyang tipo ng—ng mga babala bago dumating ang kahatulan sa kasalanan. Ngayon, ang bayan na kanyang bibigyang-babala, sa dakong iyon, ay may isang pangkat ng mga Hudyo na—na silang lahat ay para bang nalihis mula sa matuwid na landas at naging isa nang malaking sentro ng turismo. At—at nakikini-kinita ko na, gaya ng pagsasalarawan ko nang umagang iyon, sa pagkukuwento tungkol sa kanya, na, nang makarating ang ulo niyang kalbo sa tuktok ng burol at naningkit ang kanyang munting mga mata habang nakatunghay siya at nakita ang kasamaan ng kilalang bansang iyon at ng mga tao, ang kanyang puting balbas habang hinihimas-himas niya ito nang paganyan. Naku, anong bagay! Subalit walang sinumang nakakaalam kung saan siya nanggaling.

⁸⁵ Walang sinumang nakakakilala sa mga propetang iyon, basta na lamang silang lumilitaw sa kung saan at umaalis sa gayun ding paraan.

⁸⁶ Subalit nagtungo siya sa bayang iyon na dala ang “GANITO ANG SABI NG PANGINOON! Magsisi, o mapahamak! Sapagkat wawasakin ng Diyos ang bansang ito. Kanyang—buburahin Niya ang lugar na ito sa lupa. Nakipagkasundo kayo sa inyong kaaway. At kayo'y—magkasundo na kayo, sa inaakala n'yo, ng kaaway n'yo, ngunit sa tuwina ang mga taga-Asiria ay—ay nagpapalakas ng puwersa doon sa labas. Hindi kayo maaaring magsamang dalawa malibang magkasundo kayo. Ganoon lang.” Kaya sabi niya. . .

⁸⁷ At nais ng Diyos na ihiwalay natin ang ating mga sarili. Nais Niya tayong “magsilabas mula sa sanlibutan,” hindi ang subukang mamuhay kasama ng sanlibutan at ng Diyos din, hindi ang subukang mag-anyong gaya sa sanlibutan at sa Diyos. Kailangan na mamuhay lang kayo para doon sa Isa o doon ba sa isa pa, kailangan na sumampalataya lang kayo sa Isa o doon ba sa isa pa.

⁸⁸ At nalaman natin ngayon na, itong si Amos, tahasan niyang iprinopesiya ang isang paghatol sa mga taong ito malibang magsipagsisi sila. (At—at, naku, talaga—talagang akmang-akma ito sa ating panahon.) Iniisip ko ang dakilang bayang ito, habang muli itong binabalik-tanaw, ang dakilang bayang iyon doon, kung papaano na talagang bumigay na ito, at—at isang mayamang ekonomiya ang mayroon sila ng lahat ng bagay, masagana. At inakala nila na talagang ganap na nasa kalooban sila ng Panginoon, dahil nananagana sila. Subalit

natuklasan nila na hindi palaging ang Diyos ang may-akda ng kasaganaan. Hindi, ang Diyos . . . Kung minsan kapag dinatnan ng kasaganaan ang mga iglesya, ay napapalayo na ito sa Kanya.

⁸⁹ Alam n'yo, minsa'y nangusap ang Diyos tungkol sa Israel, sabi, "Nasumpungan Kitang duguan sa parang, at hinugasan Kita at kinupkop Kita," upang maging Sarili Niyang anak. "At pagkatapos nang lumaki ka na, at isa nang magandang dalaga, ginampanan mo ang bahagi ng isang patutot." Sabi Niya, "Ikaw—ikaw—ipinagkalooob mo na lamang ang iyong sarili sa bawat nagdaraan." Kita n'yo? "Subalit noong ika'y dukha at nangangailangan, noong—noong may pangangailangan ka, ay pinaglingkuran mo Ako. Subalit nang Akin kang pagpalain at pagkalooban ka ng sagana, saka ka lumayo sa Akin." At napatunayan nga itong ganoon. Oh, naku!

⁹⁰ Ngayon, nalaman natin na talagang sinaway ng propetang ito ang bansang iyon, itong si Amos. Isa lang siyang mag-aararo. Subalit nalaman nating nang kanya ngang ginawa, na binira at sinabi sa kanila kung magiging ano ito, at sinabi sa kanila na kung hindi sila makikipag-ayos sa Diyos na ang kaaway na kinuha nilang kasangga ang mismong wawasak sa kanila.

⁹¹ Nakikita natin ngayon na ang mapagmataas nating Amerika ay hindi matatakan ang poot ng Diyos. Gaya ng ipinangusap ko noong isang araw mula noong naparito ako, sigurado akong dito 'yon, tungkol sa lahat ng bagay sa bandang huli. Alam n'yo, ako—wala na akong makitang anumang para mapagtayuan. Hindi ka maaaring magtayo sa pulitika, wala na ito. Ikaw—hindi ka na makapagtatayo sa buhay panlipunan, dahil napakagrabe na ng moral nito. Doon—doon—wala nang kahit ano na mapagtatayuan mo doon. Wala ka nang ano pa mang mapaglalagyan ng pag-asa.

"Ano kaya kung sa iglesya?"

⁹² Buweno, wala ka nang anumang magagawa sa iglesya, napakapormal na nito at wala na, wala nang natitira pa. Ipinagbili na nila ang kanilang mga pagkapanganay kapalit ng sangkaterbang pagkain, at nakaabang na lamang sila sa paghatol. Ang Espiritu Santo ay nilibot na ang bansang ito, na ipinamamalas ang Kanyang mga tanda at mga kababalaghan, at patuloy nilang tinatanggihan ang Kanyang biyaya. Pinatotohanan Niya ang Kanyang Sarili at pinatutunayan, sa pamamagitan ng Kanyang dakilang pagpapatotoo, na Siya ang Salita ng Diyos na nahayag sa panahong ito. At tinatanggihan pa rin nila Ito. Kita n'yo? Wala nang natitira ngayon. Hindi n'yo basta magagawa iyon palagi sa Diyos. Kita n'yo?

⁹³ Buweno, nalaman natin, ang una, isinusugo Niya ang Kanyang mga propeta na may babala. Hindi Niya binabago ang Kanyang pamamaraan, ang paraan Niya ng pagsasagawa ng mga bagay.

94 Hindi Siya laging tumitira kapag nagbabala Siya. Nais kong pag-ukulan n'yo ng pansin ang sipi na ito. Nagbibigay ng babala ang Diyos ngunit hindi Siya lagi-laging sabay na tumitira habang nagbababala Siya. Napansin n'yo ba 'yun? At saka kapag hindi naman Siya tumira kapag nagpadala na Siya ng babala, kung gayo'y nakukutya ang propeta, "Wala naman Ito sa iyo. Nagsabi ka ng kasinungalingan. Ikaw—hindi ka tama."

95 Maaaring sinabi rin ang bagay na iyon kay—kay Isaias. Ano kaya sa palagay n'yo ang naisip ng mga tao nang pumaroon siya at nagpropesiya na ang hari ay "mamamatay," pagkatapos ay bumalik na naman at nagsabi, "Hindi, mabubuhay siya"?

96 Paano naman si Jonas na naglalakad-lakad noon sa mga lansangan, sinasabi, "Oh, mawawasak na ang bayang ito sa loob ng ganito karaming mga araw, apatnapung araw," at pagkatapos ay hindi iyon ginawa ng Diyos?

97 Kita n'yo, kailangan ninyong magmasid, hindi palaging tumitira ang Diyos kapag nagbababala Siya. Ngunit Siya... May isang bagay, kung gayo'y nakukutya ang propeta. Ngunit kung isa siyang pinatunayang propetang taglay ang Salita ng Panginoon, kita n'yo, mga tanda ng Diyos, na pinatunayan, gaya nga ng sabi ng Diyos na ang propeta ay papatotohanan (na ang mga taong ito nga), kita n'yo, ang kanyang Salita ay hindi sa kanya, kundi ito'y sa Diyos, at magaganap ito. Kailangan itong maganap kung Ito'y Salita ng Diyos. Isang bagay lamang ang makapigil dito, 'yun ay ang kaagad-agad na pagsisisi.

98 Pansinin, si Amos, siya—naabutan niyang makita ang kanyang propesiya, subalit nang mangusap si Amos tungkol sa bayang iyon, kung papaano iyon magaganap, kung papaano papapasukin ng Diyos ang mga taga-Siria at sasakupin sila, at iba pang ganoon, at kung papaano sila lalamunin ng sarili nilang kasamaan. Aba, naniniwala akong kung ngayon na ito... Nakatunghay ako rito sa Kasulatan, at kung tama ang pagkabilang ko rito, ito'y nasa mga limampung taon matapos na magpropesiya si Amos. At, ngayon, ano sa palagay ninyo? Isang buong henerasyon ang lumipas bago naganap ang propesiya ni Amos. Subalit kung babasahin n'yo rito, sinasabi nito sa inyo, at nangyari ito nang sadyang eksakto ayon sa bawat salitang sinabi niya. Kita n'yo?

99 Nakita ni Juan ang Aklat ng Apocalipsis. Hindi ito naganap sa panahon niya. Subalit nakikita natin itong nagaganap nang ganoong-ganoon. Kita n'yo?

100 Nagpropesiya si Daniel tungkol sa panahon, tungkol sa kanyang panahon at tuluy-tuloy hanggang sa huli. Hindi na niya naabutang makita ito. Sabi Niya, "Yumaon ka ng iyong lakad, Daniel. Ilihim mo ang aklat—ang aklat, at—at isara ang aklat. At matutulog ka sa iyong kapalaran, ngunit tatayo ka sa araw na iyon." Kita n'yo?

¹⁰¹ Ngayon, nakita n'yo, ang...hindi ka palaging...ang Diyos...ay titira kaagad-agad habang nagsasalita Siya ng propesiya. Ang propesiya ni Amos, gaya nga ng sinabi ko, ay pagkaraan pa ng limampung taon, naganap ito. Subalit naganap nga ito!

¹⁰² At saka ang propeta ay isang—ay isang...ng Biblia...ang isang tunay, na totoong propeta ay isang natatanging tao. Hindi “isang natatangi,” na maging naiiba sa iba pa, kundi mayroon siyang isang natatanging trabaho. Kita n'yo? At, sa pagkakaroon ng isang natatanging pagka-atas, kailangan niyang maging natatangi (medyo kakaiba kaysa sa iba) upang magawa iyon.

Para ba itong inihalintulad ng Diyos ang Kanyang *mga propeta* sa pagiging “isang agila.”

¹⁰³ Ngayon, ang agila'y isang natatanging ibon. Isa lamang siyang ibon, pero isa siyang natatanging ibon. At mas mataas ang kaya niyang liparin kaysa sa ibang mga ibon. Mas malayo ang kanyang nakikita kaysa sa ibang mga ibon. At, ngayon, upang makaparoon sa mas mataas, kailangang ganun ang pagkagawa sa kanya upang makaparoon siya sa mas mataas. At anong buti ang maidudulot nung makapunta siya roon sa itaas libang makita niya kung ano ang kanyang ginagawa matapos siyang makapunta roon sa itaas? Kita n'yo? Kaya kinakailangang siya'y maging isang ibon na natatangi ang pagkalikha. Kita n'yo? Siya'y medyo kabilang sa—kabilang sa uri ng mga lawin, siya'y “isang nanglalapà sa pamamagitan ng tuka.” At kinakain niya ang...marami sa kanila ang nanginginain ng patay at nabubulok nang bagay. Mayroong nasa mga apatnapung iba't ibang uri ng mga agila.

¹⁰⁴ Ngunit, nakita n'yo, sa iglesya'y mayroong pastor, at ang pastor na iyon ay isang natatanging tao. Nilikha siya kung saan kaya niyang—kaya niyang tagalan ang mga bangayan ng mga tao. Siya—siya—isa siyang tagapasan ng dalahin, siya ang baka sa pangkat. Siya—siya ay taong magagawang maupo kapag ang...isang tao'y mayroong anumang laban sa isa pa, at maupong kasama ng dalawang pamilyang iyon (at walang papanigan) at makikipagkatuwirananan dito at ibabalik itong muli sa pagkamagiliw. Kita n'yo? Siya—siya'y isang pastor, alam niya kung papaano pangangalagaan ang mga bagay-bagay.

¹⁰⁵ Isang natatanging tao ang ebanghelistang. Siya'y taong nag-aalab na gaya ng isang bolang-apoy. Nagtutungo siya sa isang bayan at ipinangangaral ang kanyang mensahe, pagkatapos mula doo'y lilipat naman sa iba pa. Kita n'yo, isa siyang natatanging tao.

¹⁰⁶ Isang natatanging tao ang guro. Nauupo siya sa ilalim ng pahid ng Espiritu at nakakayang kunin ang Mga Salita at pagsama-samahin ang mga iyon sa pamamagitan ng Espiritu

Santo, na, ang pastor o ang ebanghelistang, sinuman sa kanilang dalawa, ay hindi maikukumpara sa kanya.

¹⁰⁷ At saka, nalaman natin, na isang natatanging tao ang apostol. Isa siyang—isa siyang “tagapaglagay-sa-kaayusan.” Isa siyang tao na isinusugo mula sa Diyos upang ilagay sa kaayusan ang mga bagay.

¹⁰⁸ Isang natatanging tao ang propeta. Ang propeta ay isang tao na dinaratnan ng Salita ng Panginoon, dahil ganoon ang pagkakadiseno sa propeta (ang buhay niya) na ang kanyang kubling-malay at ang kanyang pangunahing-malay ay napakalapit sa isa’t isa na hindi na siya kailangang matulog pa para mapanaginipan ang kanyang panaginip, nakikita niya iyon habang siya’y mulat na mulat. Kita n’yo? Ngayon, isang bagay iyan na kailangang gawin ng Diyos. Kita n’yo, nakikita niya kung ano’ng nagaganap.

¹⁰⁹ Malayo pa ay nakikita na ng isang propeta, kita n’yo, ang mga bagay na paparating. Nakikita niya ang saro ng poot ng Diyos, na puno na, bago pa man ito mapuno. Kita n’yo? Masasabi niya, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON! Wawasakin ng Diyos ang bayang ito malibang magsisi kayo.” Bakit? Isa siyang agila. Lumulutang siya sa paglipad doon sa malayong kaitaasan. Kita n’yo? At tumitingin siya sa malayong dako roon at nakikita niyang ibinubuhos na yaong saro ng poot. Iyon ang tinitingnan ng propeta. Hindi siya nakatingin sa kung anong nagaganap dito, sa malayo siya nakatingin! Sinasabi niya, “Ito’y paparating na!” Kaya niyang magtungo nang napakataas hanggang sa makita niya ang dilim na iyon. Sabi niya, “Ang sanlibutan ay magiging madilim—kadiliman at lubos na kadiliman.” Ganoon kasapat ang taas ng kinaroroonan niya, na sumisikat ang araw ngayon, subalit nakikita niya yaong paparating na kulimlim, at kanyang—kanyang—kanyang sinasabi kung ano ang kanyang tinitingnan. Wala pa iyon dito, ngunit tiyak na paririto iyon! Tama ’yon. Darating nga iyon, ang lubos na kadiliman sa mga tao. Alam niyang darating iyon, mga taon pa ang layo, gayunma’y nakikita niya iyon.

¹¹⁰ Si Amos, ang pinahirang propetang ’yon ng Diyos, nakita niya ang—ang kadiliman at ang paghatol. Nakita niya ang Siria na dumating na nakasakay sa kanilang mga karwahe at sumalakay doon, pinagpapatay ang mga taong iyon. Nakita na niyang paparating iyon at ang paghatol ng Diyos sa kanila, ngayon, limampung taon pa bago iyon naganap. Ngunit, nakita n’yo, bilang isang propeta, itinaas siya sa Espiritu at nakita na niya iyon sa malayo. Kita n’yo? Nakita na niya ang saro, na puno na, bago pa man iyon mapuno.

¹¹¹ Tulad ni Abraham. Sinabi ng Diyos kay Abraham, “Mapupunta sa bansang ito ang iyong binhi at makikipamayan dito sa loob ng apat na raang taon, at pagkatapos ay ilalabas Ko

sila sa pamamagitan ng makapangyarihang kamay, sapagkat hindi pa lubos ang katampalasanan ng mga Amorrheo.” Kita n’yo? Alam ng Diyos na mapupuno ang sarong iyon. Nakikipag-usap Siya noon sa Kanyang propeta, sinabi Niya sa kanya ngayon, “Nakikita mo ang sarong iyon doon ng mga Amorrheo,” kita n’yo, “subalit hindi pa napupuno ang kanilang katampalasanan, Abraham. Huwag kang magsasalita ng anumang tungkol dito ngayon, ipagpaliban na muna, subalit darating ito. At kapag napuno na ang kanilang saro, at ang apat na raang taong iyon, Aking itataboy sila na gaya ng mga balang sa iyong harapan, at Aking itatatag ang iyong binhi sa lupaing ito.” Amen! Ganoon ang propeta ng Panginoo.

¹¹² Ngayon, kapag ipinangungusap niya ang kanyang pangitain, maging poot man ito o maging ito ma’y kagalingan, maaari itong magtagal, subalit tiyak na magaganap ito kung ipinangungusap niya ito sa Pangalan ng Panginoo. Kita n’yo? Maaaring pagpapala ang kanyang ipinangungusap para sa iyo. Maaaring may sinasabi siyang isang bagay sa iyo, at hindi mo talaga ito makita. Sasabihin mo, “Paano ito mangyayari? Aba, isa itong. . . Ako—ako—ako. . . Sinabi niya sa akin, ‘GANITO ANG SABI NG PANGINOON, “Mangyayari ang *ganito*, at mangyayari ang *ganoon*,” at hindi naman ito nangyari. Mali ang taong iyon!” Ngayon hahatulan ka sa hindi pagsampalataya Dito, subalit mangyayari pa rin ito! Kita n’yo? Tiyak ngang mangyayari ito!

¹¹³ “Magtagal man ito,” sabi ng Biblia, “gayunma’y mangungusap ito sa kapanahunan nito.” Magaganap ito.

¹¹⁴ Tumitingin lamang ang propeta sa malayo at nakakakita ng kung anong bagay. Sinasabi niya kung ano’ng nakikita niya. Hindi niya iniisip ang tungkol sa naririto at kung ano ang itsura mo ngayon, tinitingnan niya kung ano ang mangyayari rito. At kapag ipinangungusap niya iyon, kung ito’y nasa Salita ng Panginoo, naipangusap na ito at wala nang anumang makapipigil dito (nakita n’yo, tama ’yon,) tanging ang Diyos lang Mismo.

¹¹⁵ Pansinin, ngayo’y nalaman natin na kapag. . .Kanyang—ipinangungusap niya ang kanyang pangitain, ginagawa nga ng propeta. Ngayon, kung minsa’y nangungusap siya ng mabubuting bagay, sinasabi niya ang tungkol sa iyong paggaling. Buweno, maaaring isipin n’yo, “Sadyang hindi ito maaaring mangyari, hindi naman ako umigi.” Kung ganoo’y ano ang ginagawa nun? Dinadala lamang nun ang mga hatol ng Diyos sa iyo. Siyanga. Kita n’yo? Ipinangako ni Jesus na ililigtas ka Niya kung sasampalatayanan mo Ito; kung hindi mo Ito sinasampalatayanan, hindi ito—hindi ito mangyayari sa iyo. Kailangan mo Itong tanggapin, kailangan mong sampalatayanan Ito. Kita n’yo? At kailangang alam mo kung saan Ito nagmumula, ibinibigay niyon ang pananampalataya

mo sa Diyos; o, sa iyong propeta. Kita n'yo? Dapat n'yo Itong sampalatayanan.

116 At nalaman natin dito ngayon, na itong mga propetang nangusap, sila—nangusap sila at naganap nga kung ano ang sinabi nila. At kung ang poot ng Diyos ay ibinuhos sa mga tao, may iisang bagay lang. . . Kung sinabi ng propetang iyon na may kung ano pa mang magaganap, may iisang bagay lang na makakapigil sa kamay ng Diyos, iyon ay ang pagsisisi. Ang pagsisising iyon sa Diyos, ang siyang pumipigil sa Kanyang poot. Ngayon, huwag nang hintayin pa ito, gawin na ito agad! Kapag may sinabi ang Diyos na anumang bagay, gawin na agad ito.

117 Si Hezekias, pagkaalam na pagkaalam niya. . . Isa siyang mabuting tao, ngunit sinabi ng Diyos, “Dumating na ang oras mo, Hezekias, at Ako—kailangan na Kitang kunin. Ako—ibig Ko na, kukunin na Kita. Ilagay mo na sa ayos ang iyong sambahayan.”

118 At siya—siya—sabi niya, “Kakailanganin ko ng labinlimang taon para magawa iyon, Panginoon.” Kita n'yo? “Ngayon, Ikaw po ang. . . Ako—ako—alam kong lilisan na ako, ngunit kakailanganin ko ng labinlimang taon upang mailagay sa kaayusan ang aking sambahayan. Hindi ko po ito magagawa agad ngayon. Ako—wala na akong panahon para magawa ito. Ako—ako—hindi ko talaga matatapos ito. Panginoon, pahintulutan Mo pa akong mabuhay ng isa pang labinlimang taon upang magawa ko ang bagay na ito. Hindi ko mailalagay ang aking sambahayan. . . ”

Kita n'yo, ang utos ng Diyos ay, “Ilagay mo sa ayos ang iyong sambahayan!”

119 At sabi ni Hezekias, “Hindi ko ito magagawa sa taong ito, kailangan ko ng panahon para dito. Ibabalik ko *ito*, at aayusin *ito* at dadalhin ito dito sa taong ito, aabutin ako ng labinlimang taon para maisagawa ito. Basta kahabagan Mo lang po ako para magawa ko ito. Hayaan Mo akong. . . hayaan Mo akong. . . bigyan Mo pa ako ng kaunting panahon para magawa ito.” Kita n'yo?

120 Pagkatapos ay sinabi ng Diyos, “Ako'y—Ako'y—Ako'y—Ako'y magiging maawain.” Subalit kailangan pa rin niyang mamatay, nakita n'yo.

121 At muli na naman, ginugol niya ang kanyang panahon, tumalikod siya nang panahong iyon. Kita n'yo? At siya ay siya ay nasa mas mabuti pa sana kung yumaon na siya nang hindi iyon naisasaayos. Tama 'yon. Subalit binigyan Niya siya ng labinlimang taon pa upang isaayos ang kanyang sambahayan. Sapagkat, sa madali, ano ang ginawa niya? Sabi niya, “Panginoon, mabagal ako. Kailangan ko ng labinlimang taon para magawa ito. Inatasan Mo akong ilagay sa kaayusan ang aking sambahayan. Hindi ko ito kayang gawin nang

labinlimang taon dahil mayroon akong utang dito, at mayroon akong *ganito* sa banda rito, at mayroon akong *ganitong* dapat gawin sa banda rito.”

¹²² Ngayon, isa siyang taong maka-Diyos, at kinakailangang mangyari ang Salita ng Diyos ganoon pa man. Magaganap pa rin ito, subalit pinigil lamang Niya Ito nang kaunting panahon, kita n’yo, pinigil Ito para sa kanya. Pagkatapos ay nakagawa siya ng kasalanan nang panahong iyon. Sabi Niya, “Hindi Ko sa kanya pararatingin ito, subalit dadalawin Ko ito sa kanyang mga anak na magsisisunod sa kanya.” Alam n’yo na ang kuwento.

¹²³ Ngayon, nalaman natin na ang isang agarang pagsisisi kung minsa’y pumipigil sa poot nang panandalian.

¹²⁴ Ngayon, nalaman natin na ang Ninive . . . Sabi ng Diyos, “Magtungo ka doon at humiyaw sa bayang iyon ngayon, at sabihin mo sa kanila, ‘Kung . . . sa loob ng apatnapung araw ay babagsak ang bayang iyon.’” At, naku, talagang nagsipagsisi sila! Pagkakatang-pagkakita nila sa propetang iyon na padating sa lansangan, na nagsasabi, “GANITO ANG SABI NG PANGINOON, ‘Babagsak ang lugar na ito sa loob ng apatnapung araw! Babagsak ang lugar na ito!’” Ang . . .

¹²⁵ Maging ang hari ay nag-utos ng—ng—ng pag-aayuno sa buong bansa, sa pagdadalamhati, “Magsipagsuot kayo ng kayong magaspang, magsipaglagay ng mga abo! Hindi lamang sa inyong sariling ulo at sa inyong katawan at sa inyong laman, kundi sa inyong bakahan, sa inyong mga hayop sa parang, magsipaglagay ng mga abo at kayong magaspang.” Talagang pagsisisi!

¹²⁶ Ngayon, nang malaman natin doon, napansin natin, kung hindi magmamasid nang talagang mabilis ang propeta, kita n’yo, magiging listo at lalapit sa Diyos, may matutuklasan kang bagay doon mismo, kapag hindi ka nagmasid . . .

¹²⁷ Ngayon tingnan n’yo si Isaias, ipinangusap lamang niya ang kanyang propesiya, bumalik na muli sa kanyang munting dampa sa ilang. At, nang magawa na nga niya, hindi na kailanman nakipag-usap ang Panginoon doon sa haring nananalangin noon. Mayroon Siyang pamamaraan ng pagsasagawa ng mga bagay. Mayroong isang propeta sa lupain. Dumarating ang Salita ng Panginoon sa Kanyang propeta. Siya’y nagtungo roon at sabi, “Isaias, bumalik ka at sabihin sa kanyang dininig Ko ang kanyang panalangin. Naunawaan Ko na ito . . . na sa tingin niya’y kakailanganin niya ng labinlimang taon upang magawa ito. Nakita Ko ang kanyang mga luha sapagkat ninanais niyang labis na gawin ang gawaing iyon. Kakailanganin niya ng labinlimang taon, sabi niya, upang maisagawa ito. Pumaroon ka’t sabihin sa kanyang ipagkakaloob Ko ito sa kanya, kung gayon.” Kita n’yo?

128 Bakit? Inatasan Niya—inatasan Niya si Isaias na pumaroo't sabihin sa kanya, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON!" Pagkatapos kung mayroon mang anumang pagbabago roon, o pagtatagal. . . Magaganap pa rin iyon; siya—namatay pa rin siya. Ngunit sabi. . . Kung mayroon mang anuman doon, kung ganoo'y obligado Siyang bumalik sa taong pinasuguan Niya ng GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Sinabi Niya kay Isaias, "Bumalik ka roon at sabihin sa kanya."

129 Ngayon, iba ang pag-uugaling inasal ni Jonas, nagtungo sa ituktok ng burol at sabi, "Buweno, mabuti pa kung hindi na lang ako ipinanganak." At, oh, gaano siyang nagpatuloy nang ganoon! At nagpalitaw ang Diyos ng isang munting kikayon at ginawan siya ng isang lilim hanggang sa malamigan siya doon. Subalit sabi niya, "Ngayon, heto, naparoon ako, at sasabihin nilang isa akong bulaang propeta."

130 At nangusap sa kanya ang Diyos, sabi, "Tumingin ka sa bayang iyon doon! Tumingin ka doon, Jonas, na ang buong bayan ay nagsisipagsisi na may kayong magaspang at mga abo."

131 At saka Niya sinabi sa kanya ang tungkol doon sa munting kikayon at ang uod na pumatay dito. Isang araw, kung loloobin ng Panginoon, gusto kong pumunta sa Tabernakulo at tumalakay ng isang serye na tungkol lamang kay Jonas. Oh, mayroong napakaraming dakilang. . . yaong hanging amihang umiihip, at lahat na. Oh, naku! Napakaraming mga bagay doon, ito talaga. . . kapana-panabik ito. Ang mga mahahalagang bagay na naroon, lahat ng ito'y tumitipo mismo, nang husto. Dinadala pa nga nito dito maging si Jesus Cristo, at lahat na ng iba pa. Siyempre, bawat linya sa Biblia'y dinadala si Jesus Cristo. Siyanga, po. Iyon ang ating pang-Linggong aralin, kaya malalaman natin iyon, kung loloobin ng Panginoon.

132 At pansinin, may mga bagay na iyong. . . Kung tapat ka at sasabihin sa Diyos. . . Ngayon, kailangan mong magmasid.

133 Ngayon ay nais kong ipakita sa inyo ang isa pang Jonas sa entablado sa gabing ito.

134 Isang gabi'y may mga taong nagpunta rito. Marahil ang binibini (ang ilan sa mga kaanak nila) ay naririto ngayong gabi, kaya hindi ko na babanggitin ang pangalan, marahil ay makikilala n'yo kung sino ito. Pero nagpupunta sila rito, kalugud-lugod na pangkat ng mga tao na taga-doon sa Kentucky, at sila—nagpupunta sila dito ng maraming taon na. Ngunit ang mga naturang tao, ay mabubuting tao, mga malalapit kong kaibigan. Naku, sila'y mga—sila'y mga totoong kaibigan ko, pero sila. . . Isa lamang sa uri ng mga tao na kapag may isang rebaybal na nagaganap ay nakakapunta sila sa bahay-sambahan; kapag tapos na ang rebaybal, at humihila na ang pasanin, wala nang hihila. At lahat ng mga anak ay narito sa talaan ng mga anak ng mga miyembro ng kongregasyon,

mayroon sila ng . . . noong mayroon tayong mga klase at mga ganung bagay.

¹³⁵ At umuwi ako isang araw, mga apat na taon na ang nakakaraan, o lima, mga ganoon. At itong bata pang babae, (na nasa mga walong taong gulang noong nasa talaan siya ng mga anak ng mga miyembro ng kongregasyon), ikinasal na siya at nagkaroon ng dalawang anak. At nakaratay siya dito sa ospital, na nasa bingit na ng kamatayan. Siya'y mga nasa apat na buwan, lima, na may sanggol pa; at namatay ang sanggol, at hindi nila siya magawang operahan dahil naging uremic na siya. At hindi nila maoperahan, kaya kinailangang hayaan na ring mamatay ang inang iyon. Hindi maoperahan, at, kita n'yo, papatayin siya ng sanggol nang ganoon, kaya kinailangan nilang . . . sadyang mamamatay na siya, iyon na, wala nang pag-asa pa para sa kanya.

¹³⁶ Nagpunta ako para makita siya, ipinatawag niya ako. At nagpunta ako sa ospital, at naroon siya sa loob ng oxygen tent. Itinaas ko ang maliit na takip, nakipag-usap sa kanya nang kaunti, at sabi ko, "Naaalala mo pa ba ako?"

Sabi niya, "Siyempre, Kapatid na Bill, naaalala kita."

¹³⁷ Sabi ko, "Papaanong ang . . . Napag-uunawa mo ba kung gaano kalubha ang sakit mo?"

Sabi niya, "Oo." Sabi, "Kaya nga ipinasundo kita."

Sabi ko, "Buweno, bakit, kumusta ang relasyon sa pagitan mo at ng Panginoon?"

Sabi niya, "Kapatid na Bill, ako—ako'y . . . ako—hindi pa ako handang lumisan."

¹³⁸ Buweno, lumuhod kami doon at nanalangin, at ang kanyang nanay at ang kanyang asawa, marami sa kanila na naroon sa kuwerto, at nagsimulang umiyak ang kanyang nanay at asawa. At—at pagkatapos aking—tinanong ko siya, at nakipag-ayos na siya sa Diyos (tinupad ang kanyang mga panata at nanumbalik at nangako sa Diyos; at kung mapapatawad siya; kung gaano niya Siya kamahal; at nagsisisi sa kanyang mga kasalanan, kung paano siya namuhay noon), at nagpatuloy sa kanyang pagsisisi at umiiyak. At makaraan ang ilang sandali'y tumayo ako at lumabas ng gusali.

¹³⁹ At nang—nang sumunod na umaga'y tinawagan nila ako, na bumalik daw ako doon. At, nalaman na lamang, nagpunta pala sila nang umagang iyon para sa isang pagsusuri at upang makita kung gaano na ang—ang inilubha ng kalagayang uremic na iyon, at natuklasan na wala na siya ni katiting man nito. Nawala na itong lahat, bawat katiting ng lasong uremic ay wala na sa kanya. Talagang nagulat ang mga doktor hanggang sa sabihin nila, "Naku! Aba, ito, dapat tayong . . . Ito'y bagay na talagang kakaiba." Sabi, "Kami—ihahanda na namin siya,"

at sabi, “kung ganoon pa rin hanggang sa kinaumagahan . . .” Sabi, “Patuloy namin siyang bibigyan ng penicillin,” o kung ano mang ibinibigay nila sa kanya, na pinabababa ang mga impeksiyon. Sabi, “Mag-ooopera na kami at—at aalisin na ang patay na sanggol bago ito mauwi sa kung ano pa.” Sabi, “Kung ayos na siya, kung gayon . . .”

¹⁴⁰ Buweno, dalawa o tatlong beses nila siyang sinuring muli noong araw na iyon. At nang gabing iyon, gabing-gabi na, sinuri nila siya, walang anumang problema, lubos na maayos na. At inihanda nila siya. Inilabas siya mula sa oxygen tent. Maayos naman ang lahat. Ooperahan na nila siya kinaumagahan, aalisin na ang sanggol.

¹⁴¹ Buweno, nagpunta ako doon. At dahil nangyari ang ganito . . . Ngayon, hindi ko iyon alam, hindi ko talaga alam. Walang sinabing kahit ano sa akin ang Panginoon tungkol dito. Puwede n’yong itanong sa mga taong iyon, kung gusto n’yo. Kaya sila . . . siya . . . hindi Niya sinabing magiging ganoon. Pero, oh, naku, ang makita ang ganoong—ganoong bagay! Ang asawa niya, na isang makasalanan, ay lumapit at nagsabi, “Kapatid na Branham, ako—nais kong ibigay ang buhay ko sa Panginoong Jesus.”

¹⁴² At sabi ko, “Sige, lumuhod ka lang dito at hawakan ang kamay ng asawa mo, at saka tahakin ang tuwid na buhay na ito nang magkasama.”

¹⁴³ Bumalik ang ina, sabi niya, “Kapatid na Branham, alam mo, narito ako at ang mga anak ko,” sabi, “lahat kami’y labas-masok, at labas-masok, at paikut-ikot sa Tabernakulo, at kung anu-ano pa. Nauupo kami at nakikinig sa iyong mangaral, at nagtutungo kami sa altar at bumabalik na naman.” Sabi, “Tumalikod din ako, Kapatid na Branham.” Sabi niya, “Nais kong manumbalik sa Panginoong Jesus, sa kabutihan Niya sa anak ko.” Buweno, nakita n’yo, iyon—napakainam nun, ngunit hindi ka lumalapit sa Panginoong Jesus nang dahil doon.

¹⁴⁴ Mga bandang hatinggabi, alas-dose, ala-una, nakatulog’yung nanay niya. At sabi niya, tinawag ito, sabi, “Nanay.”

At sabi nito, “Bakit, mahal ko, anong gusto mo?”

Sabi niya, “Alam n’yo, napakasaya ko!”

Sabi nito, “Labis akong natutuwa na masaya ka.”

Sabi, “Payapa na ako sa Diyos.” At sabi, “Oh, napakainam nito!”

Mga ilang saglit, tumawag siyang muli, sabi niya, “Nanay.”

Sabi, “Bakit?”

Sabi, “Uuwi na ako.”

¹⁴⁵ At sabi nito, “Alam kong uuwi ka na.” Sabi nito, “Oo, mahal ko,” sabi, “aalisin na ng doktor’yung sanggol bukas. At

pagkatapos ng mga isang araw o dalawa, kapag gumaling na 'yung mga hiwa sa 'yo at makaalis ka na dito, umuwi ka na at maging masaya nang muli, ikaw at ang asawa mo at ang maliliit na mga bata, at maging isang Cristiano at mabuhay para sa Diyos."

Sabi niya, "Nanay, ang ibig kong sabihin ay uuwi na ako sa Makalangit kong Tahanan."

Sabi nito, "Oo, mahal ko, sa katapusan na ng paglalakbay."

Sabi niya, "Ito na po ang katapusan ng paglalakbay."

"Oh," sabi nito, "sandali, ano ba'ng nangyayari?"

¹⁴⁶ Sabi, "Na katapusan na ng paglalakbay." Kaya sabi, "Opo, nanay, sa ilang sandali na lang ay mawawala na ako."

¹⁴⁷ Buweno, akala nito'y ninenerbiyos at nagdedeliryo lang siya. Tinawag nito ang nars, sinuri ng nars ang paghinga niya. Normal naman ang lahat. At sa loob ng limang minuto'y wala na siya, patay na siya.

¹⁴⁸ At pagkatapos nang umuwi ako, sa loob ng isang linggo o dalawa pagkatapos nun. . . Sa palagay ko'y si Kapatid na Graham ang nangaral sa libing ng naturang bata pang babae. Nang umuwi ako at sinabi ni Meda sa akin na namatay 'yung bata pang babae nang gabing iyon, naku, hindi ko. . .

Ako—nagpunta ako para makita 'yung ina. "Oo."

¹⁴⁹ At ako—ako—hindi ko alam kung ano'ng nagtulak sa aking gawin iyon, pero sabi ko, "Panginoong Diyos, Ikaw—kailangan Mong ipaintindi sa akin," (Kita n'yo?) "pagkatapos kong magpunta roon at—at sinabihan 'yung asawa, at lumapit siya sa Panginoon pagkatapos Mong gawin ang mga bagay na ito para sa kanya, at ganoong lahat, at saka kukunin nang ganoon ang buhay nung batang iyon." Sabi ko, "Kailangan Mong ipaintindi sa akin."

¹⁵⁰ Kapag sinabi mo ang ganoong bagay sa Diyos, iiwan ka Niyang naroon mag-isa. Hindi ko. . . Wala Siyang pagkakautang sa akin. Ako ang may pagkakautang sa Kanya. Buweno, hinayaan lang Niya akong magmukmok tungkol doon nang ilang araw, alam n'yo na. At, pagkaraan ng mga tatlo o apat na buwan, naroon ako sa pampang ng sapa isang araw at nangusap sa akin ang Panginoon sa isang pangitain, at sabi, "Ngayon pumunta ka sa kanyang ina, at sabihin mo ang ganito sa kanyang ina, 'Hindi ba't dumating na ang oras niya noong isang taon bago pa 'yon, nang nalulunod siya sa isang sapa, sa isang piknik? Lumisan na sana siya nang sandaling iyon, ngunit kinailangan Ko siyang kunin kung kailan handa na siyang umalis.' At iyon ang dahilan kaya nangyari ang lahat ng ito at kung bakit ka nagpunta doon."

¹⁵¹ Pagkatapos ay lumuhod ako at umiyak. Sabi ko, “Panginoong Jesus, patawarin Mo po ako, ang Iyong abang hangal na lingkod. Hindi ko po dapat sinabi iyon, Panginoon.”

¹⁵² At bumalik ako doon sa naturang ginang, nakatira siya dito sa may Market Street, at nagpunta ako sa kanya, at sabi ko, “May gusto akong itanong sa iyo.”

Sabi niya, “Sige, Kapatid na Bill.”

At sabi ko, “Totoo ba na muntik nang malunod ang batang ito?”

¹⁵³ Sabi niya, “Totoo ’yon, Kapatid na Branham.” Sabi, “Ang asawa niya at sila—kinailangan nila siyang iahon noon mula sa sapa.” At sabi, “Kinailangan nilang gumamit ng artipisyal na respirasyon, at maglagay ng pressure, at kinailangan nilang kumuha ng makina at bombahin palabas ang tubig mula sa kanya.” Sabi, “Nakapalda siya. Nagpipiknik sila noon. Naroon siya at napatapak sa kung anong buhanginan, nabagok ’yung ulo niya noong madulas at nasakal sa tubig. Hindi nila siya napansin. At nakita na lang nila siyang lumilitaw at lumulubog, at patakbo silang lumapit at kinuha siya at iniahon siya.” At sabi, “Muntik na siyang mamatay.” Sabi, “Siya . . .”

Sabi ko, “Iyon na noon ang oras niya para lumisan.”

¹⁵⁴ Kita n’yo, alam ng Diyos kung ano ang ginagawa Niya. Ngayon, sinabi na marahil sa akin iyon ng Panginoon kung hindi naging ganoon ang pag-uugaling inasal ko, “Panginoon, may pagkakautang Ka sa akin, na sabihin sa akin ang tungkol doon.” Wala Siyang anumang pagkakautang sa iyo!

¹⁵⁵ Nakatayo ako sa isang pagtitipon isang gabi at narinig ang isang ebanghelistang nananalangin para sa isang taong may sakit, sabi, “Diyos, inutusan kita na pagalingin Mo ang taong ito!” Sino kang mag-utos sa Diyos? Kita n’yo? Ito—ito—hindi ito—ni hindi nga ito makatuwiran, kita n’yo, dahil sa ang Diyos, Kanyang—Kanyang ginagawa ang maibigan Niya.

¹⁵⁶ Maaari bang—maaari bang sabihin ng putik sa magpapalayok, “Bakit ginawa mo akong ganito?” Kita n’yo? Tiyak ngang hindi! Subalit kung tatahimik ang propeta at pagkatapos ay hahanapin ang Panginoon para sa kasagutan, naroon ang sagot doon. Kita n’yo?

¹⁵⁷ Gaya na lamang sa taong ito na nagtatanong tungkol sa—sa—sa katanungan tungkol sa binhi ng serpiyente, nakita n’yo. Basta—basta magmasid lang, at huwag—huwag kayong—huwag masyadong magmadali. At saka, ngayon, pinangyayari ng Diyos sa tuwina ang lahat ng bagay nang magkakalakip para sa ikabubuti ng mga nagsisiibig sa Panginoon.

¹⁵⁸ Ngayon, kung—kung hindi nagsisi ang Ninive, kung gayon ay napasa kanila na sana ang mga paghatol ng Diyos. Ngayon tandaan, dapat na makinig ang propeta. Isa iyong babala.

¹⁵⁹ Ngayon, ganoon ding bagay sa bansang ito. Kung ganoon sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, sinabi mo noong nakaraang Linggo 'Wala nang pag-asa pa?'" Oo! "Bakit?" Tinanggihan nito ang pagtawag Nito. Kailangan nitong tanggapin ito. Tatanggapin nito ito. Darating ang panahon na magkakapira-pirasong ang bansang ito. Nakita ko na iyon noong 1933. Kita n'yo, natunghayan ko.

Sabi n'yo, sinabi n'yo marahil, "Buweno, hindi naman iyon naganap noon."

¹⁶⁰ Subalit magaganap iyon! Ni wala pa sa kapangyarihan noon si Mussolini, ni hindi pa rin naitatayo noon ang Maginot Line, ni hindi rin mukhang itlog ang sasakyan noong mga araw na iyon, at ang mga bagay-bagay, ni hindi pa naghahalal noon ang mga kababaihan ng isang Presidenteng kung titingnan ay parang isang—isang binatang nasa kolehiyo, at ang lahat ng iba pang mga bagay na ito, ni nagkaroon man noon ng isang Katolikong Presidente, at iba pa, na pinatungkulan noon. Mga tatlumpung taon na ang nakakaraan, o higit pa, naipropesiya na ang mga bagay na ito, subalit ipinakita lamang Niya sa akin nang malayu-layo pa ang hanggang doon sa dulo.

¹⁶¹ At habang papalapit nang papalapit ang bagay na iyon, oras-oras, ay napupuno na ang sarong iyon! At ang pagsisisi ay naipangaral na nina Billy Graham, Oral Roberts, at kung sino pa. Ang mga propeta, at iba pa, ay tinawid na ang bansa na may mga tanda at mga kababalaghan, at patuloy pa rin siyang nagpapakabuyó sa kasalanan. Iyon ang dahilan kung bakit hindi sila nagsisisi, ang pagsisisi ang naghahatid nito.

¹⁶² Pansinin, hindi kailanman nagsisi si Ahab sa pagsaway ni Elias. Kung nagsisi lang sana si Ahab at lumakad na may pagpapakababa sa harap ng Diyos, hindi sana nangyari ang naturang bagay. Ngunit pumaroon si Ahab at kinamkam ang ubasan ni Naboth at ipinapaslang siya, at lahat ng masasamang bagay na ito. At si Jezebel... Naglakad ang propetang iyon patungo roong dala ang GANITO ANG SABI NG PANGINOON! Ngunit ano ang ginawa nila? Sadyang nagbanta ito na papatayin siya. Ano'ng nangyari? Natupad ang kanyang propesiya, kinain ng mga aso ang babaeng iyon at hinimod ang dugo ni Ahab. Talagang eksakto ayon sa kanyang salita! Nakita niya ang saro, na puno na.

¹⁶³ Iyon ang dahilan kaya ang munting si Micaya, ay sinasabi noon ang ganito ring bagay, na papaano ba niya pagpapalain ang isinumpa na ng Diyos? Kita n'yo, ang kanyang—ang kanyang salita, ang kanyang propesiya, ay nakaayon sa Salita.

¹⁶⁴ Si Herodes, hindi siya kailanman nagsisi nang sabihin ni Juan, "Hindi matuwid sa iyo na ariin iyan, ang asawa ng iyong kapatid!" Hindi siya kailanman nagsisi. Kundi ano ang kanyang ginawa? Hiniling ng kanyang asawa ang ulo ng

naturang propeta. Tingnan n'yo ang karumihang pinasok niya. Tingnan kung ano'ng nangyari sa kanya. Tingnan n'yo, maging sa ngayon, sa Switzerland, ang—ang bughaw na mga tubig ng pagtatakwil sa Kanya'y bumubulubok pa rin bilang isang—isang pag-alaala. Kita n'yo, tiyak, hindi siya nagsisi nang sawayin siya ng Panginoon. Sinabi sa kanya ni Juan, na kahit ano pa siya (kung isang opisyal, o kahit na ano pa siya; o ang emperador man, o kahit sino pa siya), kailangan niyang magsisi kapag nanawagan ang Diyos, kung hindi ay darating sa kanya ang poot!

¹⁶⁵ Ilang pagkakataon na sa mga propeta. . . May isinulat ako dito, pero wala na tayong oras dahil mga sampung minuto na lang ang meron ako.

¹⁶⁶ Kung walang pagsisisi, kung gayo'y tiyak ngang darating ang paghatol! Nagsisi si Hezekias. Kita n'yo? Nagsisi ang Ninive.

¹⁶⁷ Si Ahab naman ay hindi kailanman nagsisi. Hindi kailanman nagsipagsisi ang mga tao noong panahon ni Noe, at dumagsa ang paghatol noon din. Kita n'yo? Ngayon, subalit binibigyang-babala muna Niya ang lahat. Ang lahat ay nabibigyan ng babala.

¹⁶⁸ Ngayon, nakikitang malapit na ang panahon, hayaang ang bawat isa na nakadaramang mayroong isang babala, ay magsisi agad bago pa tumama ang poot ng Diyos.

¹⁶⁹ Dalhin natin ito ngayon sa Branham Tabernacle. Kita n'yo, nakita na natin ang mga bagay na ito at nalalamang Katotohanan ang mga iyon. Nalalaman natin na Ito nga'y ganap na Katotohanan. Ang atas ng Salita ay, “Kung mangagsisisi kayo at magpapabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan, inyong tatanggapin ang kaloob ng Banal na Espiritu. Sapagkat sa inyong mga anak ang pangako at sa lahat ng nangasa malayo.” Kita n'yo?

¹⁷⁰ Ngayon, isang lalaki, si G. Dauch, ang nagtanong sa akin dito hindi pa katagalan, sabi niya, “Kapatid na Branham, tumatanda na ako. Humihina na ako, na siyamnapu't isa.” Sabi niya, “Sa tingin mo kaya—sa tingin mo kaya ako'y—ako'y malapit nang mamatay? Sa palagay mo kaya'y malapit na akong pumanaw? Sa palagay mo kaya'y ligtas na ako?”

¹⁷¹ Sabi ko, “G. Dauch, nagpunta ka na ba sa isang—isang doktor para sa isang pisikal na pagsusuri?”

Sabi niya, “Oo.”

¹⁷² “At sasabihin mo sa kanya. . . Ngayon, ang ginagawa ng doktor, mayroon siyang isang aklat na nakapatong doon, at kukunin niya ang aklat na ito at aalamin niya. 'Ngayon, ang unang bagay na dapat kong gawin sa taong iyon, ay suriin ang kanyang puso.' Kaya kukuha siya ng isang stethoscope at ilalagay iyon sa kanyang tainga, susuriin ang puso nito.” At sabi

ko, “Pagkatapos, ang susunod niyang kukunin, aalamin niya ang presyon ng dugo nito, gamit ang isang—gamit ang isang pampresyon sa kanyang braso. Pagkatapos ang susunod niyang gagawin, kukuha siya ng kaunting ihi para sa pagsusuri, at kung anu-ano pa, at kaunting dugo mula sa lalaking iyon, at lahat na ng iba’t ibang mga bagay na ito. Dadaanan niyang lahat ito, at kung wala siyang makitang anuman. . .Kukunan ng X-ray. Kung wala siyang makitang anuman, sasabihin niya, ‘G. Dauch, ikaw ay—malusog ka naman sa pisikal.’

173 “Sa ano niya ibinabatay iyon? Sa mga kondisyon buhat sa kanyang aklat sa medisina, na kung mayroong anumang problema ayon sa punong siyentipiko ay makikita iyon dito, *ganito* ang gagawin nito dito, *ganoon* ang gagawin nito doon. Kung magkagayon, sa abot ng maaari niyang malaman na anuman tungkol dito, ay ayos ka naman, kita n’yo, sa pisikal.

174 “Ngayon,” sabi ko, “sa kasong ito, ako—binibigyan ko ito ng isang pagsusuri sa kaluluwa. Kita n’yo? At ang Diyos, para sa kaluluwa, ay may iisa lang na Kagamitan, siyanga, iyon ay ang Kanyang Salita. Iyon ay ang Kanyang Salita. At sinabi ni Jesus, sa San Juan 5:24, ‘Siya na nakikinig ng Aking Salita.’ Ngayon, iyang *pakikinig* ay hindi nangangahulugan na basta na lang makinig sa isang ingay. Iyang *pakikinig* ay nangangahulugan ‘na tanggapin Ito.’ ‘Ang makatatanggap sa Aking Salita,’ amen, ‘siya na dumirinig Nito!’ (Huwag kayong manatiling walang ginagawa, tapos tatawagin Itong walang kuwenta, ‘Ang mga bagay na iyan, bale-wala lang naman Iyon. Hindi ako naniniwala Diyan.’) ‘Siya na nakikinig ng Aking Salita!’ Uh-huh. Iyon ay ang Salita ni Jesus, na, Siya ay ang Salita. Hayan na. ‘Kung magagawa ninyong makinig sa Aking Salita,’ sabi Niya, ‘at sumampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay lumipat na siya mula sa kamatayan patungo sa Buhay; at ni hindi na mapupunta pa sa Paghatol, kundi lumipat na mula rito.’ Amen!” Sabi ko, “Kumusta na ang pagtibok ng puso mo ngayon?”

Sabi niya, “Sumasampalataya ako Rito. Dininig ko na Ito. Tinanggap ko na Ito.”

175 Sabi ko, “Kung gayon ayon sa Punong Espesyalista, ang Punong Tagapagsagawa, sinasabi ng Punong Doktor ng Buhay na Walang Hanggan, ‘Lumipat ka na mula sa kamatayan tungo sa Buhay at hindi na papasok pa sa kahatulan.’”

176 Sabi, “Nang marinig kitang mangaral tungkol sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa bautismo sa tubig, naglakad agad ako na kasunod mo at binautismuhan mo ako.” Sabi, “Ako. . .Ang tao na dating ako, hindi na ako ang taong iyon. May kung anong naganap sa akin. Wala akong pakialam dati tungkol Dito at tinahak ang kabilang landas, ngunit pumihit na ako at nagsimula nang bumalik sa landas na ito. At nag-aalab ang puso

ko araw at gabi upang higit na mapalapit sa Kanya. Bawat Salita Nito, ay sinasampalatayanan ko! Sinasabi ko ang, 'Amen!' sa bawat kaliit-liitan Nito. Wala akong pakialam kung gaano man ako masaktan Nito, ang gusto ko'y umakma mismo sa sukat Nito. At ako nga sa abot ng nalalaman ko."

¹⁷⁷ Sabi ko, "Sa tingin ko'y talagang maayos ang pagtibok ng puso mo. Ako—naniniwala akong mayroon ka nang kakayahang espirituwal ngayon."

¹⁷⁸ Sabi niya, "Iniisip ko kung mayroon kaya sa pagdating ng Pag-agaw, na puwede na kaya akong makasama roon, Kapatid na Branham?"

Sabi ko, "Hindi ako ang makapagsasabi kung sino ang makakasama o kung sino ang hindi."

¹⁷⁹ Sabi niya, "Buweno, gusto kong buhay pa ako, gusto ko—gusto ko talagang makita ang Pag-agaw."

¹⁸⁰ Sabi ko, "Sige, hayaang tingnan ko kung ano ang—ang sinasabi dito ng Aklat ng Siyensiya, tungkol dito, at ng siyensiya ng kaluluwa rito." Sabi ko, "Buweno, sabi Nito'y ganito, sa Ikalawang Mga Taga-Tesalonica, ang ika-5 kabanata, sabi Nito, 'Tayong nangabubuhay at nangatitira hanggang sa Pagparito ng Panginoon ay hindi mangauuna sa anumang paraan' (ibig sabihin nun ay 'hahadlang') 'doon sa mga nangamamahinga, nangatutulog. Sapagkat tutunog ang trumpeta ng Diyos, at yaong mga nangatutulog o nangamamahinga ay unang babangon, magbibihis ng walang kamatayan. Pagkatapos tayong nangabubuhay sa araw na iyon, sa panahong iyon pagkatapos nilang makabangon, kita n'yo, saka tayo babaguhin sa isang sandali, sa isang kisap-mata, at makakasama sila; at pagkatapos ay papaitaas upang salubungin ang Panginoon sa papawirin, aagawing kasama nila.' Natutulog ka man, o kung hindi man, gumagawa ka man o kahit hindi; kahit saan ka pa nakalibing, o kung ni hindi ka man inilibing, makakasama ka pa rin ano't ano man! Walang anumang makakapigil sa iyo. Paroroon ka!" Sabi ko, "Kapatid na Dauch, kung hindi pa darating si Jesus hanggang sa kaapu-apu-apu-apuhan ng mga apo ko, mapaparoon ka pa rin sa mismong sandali nang sadyang eksakto, at mapaparoon bago pa man sila baguhin, kung makakasama sila." Siyanga. Amen!

¹⁸¹ May paparating na pagpapala kung paanong may paparating din namang poot. Oh, talagang maghintay tayo para sa isa sa mga ito ngayong gabi. Alinman sa dapat mong hintayin na ang pagbuhos ba ng poot sa iyo at ang pagkawasak, o talagang naghihintay ka sa muling pagkabuhay ng Panginoong Jesus. Ang siya ring Diyos na nangako ng isa, nanga- . . . Ako'y labis na nagagalak!

Hinihintay ko ang pagdating ng masayang araw na iyon ng Milenyo,
 Kung kailan darating ang banal na Panginoon natin at ang naghihintay Niyang Nobya'y palayong kukunin;
 Oh! ang puso ko'y nananabik at dumadaing para sa araw ng matimyas na paglaya,
 Kapag ang ating si Jesus ay bumalik nang muli sa lupa.

Kung gayon ang kasalanan at kalungkutan, pasakit at kamatayan nitong madilim na mundo'y maglalaho na,
 Doon sa maluwalhating paghaharing kasama ni Jesus nang isang libong taong kapayapaan;
 (Oh, naku! "At makakapiling na ang Panginoon magpakailanman." Kita n'yo?)

¹⁸² Kung ano ang sinabi ng Diyos, tiyak nga itong magaganap. "Magtatayo sila ng mga bahay, ang mga yao'y kanilang tatahanan. Sila'y magtatanim ng ubasan at magsisikain ng bunga niyaon. Sila'y hindi magtatanim at iba ang makikinabang nito. Magtatanim sila ng sarili nilang ubasan at mananatili rito." Amen! Amen! "Sila'y hindi mananakit o maninira man sa Aking buong banal na mga Bundok." Hallelujah!

¹⁸³ Kapag itong may kamatayan ay mabihisan na ng walang kamatayan, itong—nilamon na ng pagtatagumpay itong kamatayan, kung gayon Siya'y atin nang makikita bilang Siya at magkakaroon ng katawang kagaya ng Kanyang Sariling Katawan ng kaluwalhatian. Oh, anong panahong darating!

¹⁸⁴ Ang siya ring Diyos at ang siya ring mga propeta na iprinopesiya ang Salita ng Diyos, o ang poot na mabubuhos, ibubuhos, ay nagsabi rin tungkol sa mga pagpapalang ito na darating. Labis akong nagagalak! Hindi kailanman pinadadalhan ng Diyos ang isang—isang bansa ng—ng pagkawasak nang hindi ito binabalaan. Hindi Niya kailanman pinadadalhan ang tao ng kapahamakan nang hindi ito binabalaan. At ngayon kung ginagawa nga Niya iyon, mayroong kung anong nangyari sa atin, ang pagpapatunay ng mga tanda sa mga huling araw sa atin, ang dakilang Espiritu Santo na kumikilos sa ating kalagitnaan at pinalalakas ang iglesya ng Kanyang Presensiya, pinatutunayan ang Kanyang Salita. Kung gayo'y naghahanda na ang Iglesya sa isang pag-akyat sa kalangitan isa sa mga araw na ito, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos. Dahil isa itong babala na isantabi ang bawat pasanin at ang pagkakasalang pumipigil sa atin, upang liparin nating may pagtitiis itong takbuhing inilagay sa harapan natin, tungo sa Gumawa at Sumakdal ng ating Pananampalataya.

¹⁸⁵ Pagpalain kayo ng Diyos, iglesia! Humawak sa hindi nagbabagong kamay ng Diyos! Siyanga, po. Kung nadarama ninyo ang Kanyang Presensiya, lumapit kayo sa Kanya. Kung may ano mang mali sa inyong puso, itama n'yo na. Wala na tayong gaanong panahong natitira, malapit na ang Pagparito ng Panginoon. Nananampalataya ba kayo sa Kanya? Oh, naku! Hindi ba't magiging napakaganda roon? Anong panahon, kapag nakita ko na ang matatandang beterano na naroon naglalalakad doon sa Paraisong iyon! Oh, naku! Inaabangan ko ang oras na iyon.

¹⁸⁶ Naalaala kong narinig ko na sinabi ng kapatid kong lalaki, nang makabalik mula sa ibayong-dagat, mula sa mga dating larangan ng digmâ at mga ganung bagay, sabi, "Ang mga matatandang beteranong iyon, kapag nakita na nila 'yung Estatwa ni Liberty, at dinadala silang mga lumpo sa banda roon upang makita nila ang Estatwa ni Liberty." Iyon ang una n'yong makikita, sa barko, kapag paparating na kayo, dahil napakataas nito. "At makikita ang bisig na iyon, na nakataas doon," sabi, "ang mga lalaking iyon ay talagang bumibigay at umiiyak. At sadyang sila na napakalalaking mga lalaking nangakatayo roon, ay talagang sumusubsob doon mismo sa kubyerta at nagsisimulang mag-iyakan." Ano iyon? Isang tanda ng kalayaan. Ang lahat ng kanilang pinakamamahal ay naroon mismo sa likod ng tanda na iyon.

¹⁸⁷ Oh, ngunit gaano pa kaya kapag narinig ko nang tumunog ang matandang barko ng Sion sa umagang iyon at makita ko ang mga bandila na wumawagayway! Kapag tapos na ang labanan at nakamit na ang tagumpay, hallelujah! At pauwi na tayo sa Tahanan, kung saan ang kamatayan, kasalanan at impierno'y napagtagumpayan na; at wala nang kasalanan, wala nang kamatayan, wala nang kalumbayan. Sadyang naririnig ko nang tumutunog ang pito! Oh, papalapit na tayo sa Lungsod na iyon. Siyanga, po. Papalapit na ang mga alon, pumupwesto na sa kanyang lugar ang matandang barko. Diyos, tulungan Mo po kaming mabuhay para sa oras na iyon!

¹⁸⁸ Panginoong Jesus, kami ay mga tao na—na nagsusumikap sa abot ng aming makakaya, ng lahat ng nasa amin, upang lumakad sa Liwanag ng ebanghelyo ng Iyong dakilang Ebanghelyo na Iyong pinagbuwisan ng buhay upang maitama. Labis kaming nagpapasalamat na makita, sa masamang mga araw ng kadilimang ito na aming kinabubuhayan ngayon sa oras na ito, na nakikita naming nagsisilitaw na ang mga tanda. O Diyos, kung papaano na ito na ang sulat sa pader, pinasasalamat Ka namin, Panginoon, na aming nakikita ito at nalalamang malapit na ang pagliligtas. Nangangaral kami, tinatawid namin ang bansa, nakikita Ka naming gumagawa ng mga dakilang tanda, araw-araw Mong ipinamamalas ang Iyong Sarili, bawat taon. Walang taon na lumilipas kundi kung gaanong (kadakila)

ang Kanyang Supernatural na tanda ay dumarating sa lupa. At nakikita namin ito, na nalalamang patuloy na nagmamartsa ang dakilang hukbo ng Diyos.

¹⁸⁹ Oh, hindi marami sa bilang, subalit napakamakapangyarihang pangkat na may taglay na Buhay na Walang Hanggan! Sabi, “Tatakbuhin nila ang pulutong at luluksuhin ang kuta.” Oo, ang “pulutong” ng kamatayan ay wala itong mga pampigil, diretso Niya itong lalagpasan mismo. Luluksuhin ang “kuta” sa pagitan ng natural at ng Supernatural, at paroroon sa mga bisig ng Diyos, patungo doon sa dakilang Walang Hanggan. Panginoong Diyos, nagpapasalamat po kami sa Iyo dahil dito. Batid naming nalalapit na ang oras.

¹⁹⁰ Dalangin ko po, Diyos, na ngayong gabi kung mayroon mang ilan dito na hindi nakakakilala sa Iyo, na hindi pa nakipag-ayos . . . At marahil sa gabing ito, habang nangungusap kami, ay isang munting Tinig ang nangungusap sa kanilang puso, “Nadarama ko ang isang babala na hindi na ako magtatagal pa.” O Diyos, nawa’y isaayos na nila ang kanilang sambahayan, ngayon din. Nawa’y maisaayos na ang lahat. Ang panlalamig nawa . . . Maaaring mga Cristiano sila, subalit sadyang hindi pa sila . . . Nabuhay sila sa ilalim nito nang napakatagal na at nakita na ang napakaraming mga bagay, sila—sadyang nawalan na lang Ito sa kanila ng halaga. Ito’y . . . Ang mga ganitong bagay, mababaw ang kanilang pagtanggap dito sa halip na tunay na taimtim at tapat.

¹⁹¹ O Diyos, hayaang magsuri kami ngayong gabi, ipagkaloob po ito, na nalalaman na ang mga dakilang bagay na ito ay nagbababala lamang sa amin tungkol sa nalalapit nang pag-agaw sa Iglesya. At kung kami’y lipos ng kasalanan, ng kawalan ng pananampalataya, at ng katamaran, ay hindi kami makakasama sa Pag-agaw na iyon. Alam po namin ito, Panginoon, kaya idinadalangin namin na Iyong pag-alabin sa amin ang Banal na Espiritu, dito sa kaibuturan ng aming mga puso. O Diyos, papag-alabin Mo po ng Iyong pagpapala ang aming mga kaluluwa. Tulungan kami na makaunawa.

¹⁹² Ngayon, sama-sama Mo pong pagpalain ang mga tao. Pagpalain ang aming minamahal na pastor at ang kanyang maybahay. Pagpalain ang mga diakono, ang mga katiwala, ang lahat ng mga karaniwang mananampalataya, nang sama-sama. Patawarin Mo po ang aming mga pagkakasala. Pagalingin ang aming mga sakit, Panginoon. At papag-alabin ang aming mga puso. At humayo nawa kami mula sa dakong ito na taglay ang isang mensahe ng babala, kapag nakatagpo namin ang mga tao sa kasalanan, at sasabihin sa kanila, “Kaibigan, hindi ka ba nahihiya na ginagawa mo ang mga ganyang bagay, gayong nababatid mong kakailanganin mong humarap sa Diyos pagdating ng panahon?” Ipagkaloob po ito, Panginoon.

Ipinagkakatiwala ko po sila sa Iyo, ngayon; ipinagkakatiwala ang Mensahe, at ang lahat-lahat, upang gumawa nang sama-sama para sa Iyong kaluwalhatian. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

I love Him, I love Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

¹⁹³ Hindi ba't iniibig n'yo Siya? Isipin n'yo kung ano tayo. Tingnan kung gaano na kalayo ang narating nating landas, mga kaibigan. Lumingon lamang sa landas mula doon sa malayong nakaraan, sa panahon nina Luther at Wesley, nang tuluy-tuloy hanggang sa paglipas ng mga kapanahunan. Tingnan n'yo rito kung nasaan na tayo: narito na mismo sa tuktok ng piramide; dito mismo kung saan ito pinatunayan ng Diyos, na ang Biblia sa pamamagitan ng pitong selyo ay ganap nang naihayag; naghihintay na lamang ngayon para sa pitong hiwagang iyon mismo doon sa wakas, sa Pagparito ng Panginoon at sa Pag-agaw sa Iglesya na maaaring maganap bago mag-umaga. Oh, naku!

I love Him, (nang may katapatan ngayon) I love
Him
Because He first loved me
And purchased my salvation
On Calvary's tree.

¹⁹⁴ Habang taimtim tayo ngayong. . . Napagtatanto n'yo ba na bawat isa sa atin dito ay kinakailangang lisanin ito, lisanin ang mundong ito? Nalalaman n'yo ba na ang isang tao na ipinanganak ng isang babae ay may kaunting araw at lipos ng kabagabagan? Alam n'yo ba na dahil sa ipinanganak tayo mula sa punong iyon na nasa Halamanan ng Eden, ng kamatayan, na kailangan nating mamatay? Bunga tayo ng sinapupunan ng ating ina, at kailangan nating mamatay, kailangan nating humiwalay sa buhay na ito. Bata man o matanda, wala itong pagkakaiba. Na kung ang pinakamatandang lalaki o babae dito'y mabubuhay pa sa magdamag, mahihigitan pa nung babae o nung lalaki ang buhay ng maraming sampu-, labinlimang taong gulang na mga bata? Daan-daan sa kanila ang mamamatay sa buong mundo bago pa mag-umaga, sa mga bata. Kaya ang tanging mahalaga lamang, ay, ano ang inyong ginagawa ngayon mismo?

¹⁹⁵ Maaaring ito na ang huling pagkakataon mo. Bata o matanda, may kakayahan kang magsimba. Huwag pabayaang di gawin ang isang bagay. Maging taos-puso at tapat. Isantabi ang bawat kasalanan at lahat ng bagay. Tumingin nang tuwid sa mukha ng Diyos at itanong ang katanungang, "Panginoon, nakakalugod po ba ako sa Iyo? Ano pa po kaya ang maari kong gawin, Panginoong Jesus? Hindi na ako magkakaroon pa

ng pagkakataon, pagkatapos na matapos ang buhay na ito, upang paglingkuran Ka. Ito lamang ang tanging pagkakataong mayroon ako. Panginoong Diyos, ipabatid Mo lamang po sa akin kung ano ang nais Mong ipagawa! Kung dapat akong pumaroong gawin ang *ganito* o dapat kong gawin ang *ganoon*, ikagagalak ko pong gawin iyon.”

¹⁹⁶ Atin bang—iniisip ba natin iyan nang may katapatan? Iniisip ba iyan ng mga munting bata? Iniisip ba iyan ng mga nasa kalagitnaang gulang? Iniisip ba iyan ng mga matatanda? Iniisip ba iyan ng mga kabataan? Kailangan nating lumisan, at paano n’yo malalaman na tayong lahat ay hindi pa lilisan bago sumapit ang umaga? Hindi natin alam ’yon. Sasabihin n’yo, “Nag-aalala ako doon.” Hindi dapat! Sa totoo lang, dapat pa nga kayong lubos na magalak na malamang lilisanin n’yo na itong lumang bahay-peste.

¹⁹⁷ Mayroon pang isang mundo. Hindi mo na kailangan pang lumisan sa napakalayo. Ito’y nasa tabi n’yo lang mismo. Nasa paligid n’yo lang ito. Kayo lamang . . . kayo . . . Binigyan kayo ng Diyos ng limang pandama lang, at ’yan ay para makaugnay nang lubos ito, ang mundong ito. Subalit may isa pang mundo na wala kayong anumang pandama upang makaugnay iyon, hindi ninyo ito makakaugnay dahil wala kayo nito.

¹⁹⁸ Halimbawa, sinabi ko, noong nakaraang Linggo ng gabi, (hindi n’yo marahil ito nakuha) kung ano . . . mayroon tayong limang pandama: paningin, panlasa, pandamdang, pang-amoy, at pandinig. Ngunit papaano kung wala kang paningin (mayroon ka lang panlasa, pandamdang, pang-amoy, at pandinig), at mayroong nakatanggap ng kanilang paningin at sinabi, “May iba pang daigdig, ang araw”? Ang mga—ang mga pandamdang na iyon, nabubunggo ka sa mga bagay-bagay, at kung ano man ito ay makapagsasabi sa iyo kung ano ito. Aba, iisipin mo na nababaliw na ’yung tao, dahil wala ka nung—nung pandama ng—ng paningin. Wala pang sinuman na mayroon nito, sa pagkakaalam mo. May narinig ka nang mga tao noon na nagsasabi ng mga ganoong bagay, pero pinagduduhan mo iyon. Subalit alam natin sa pamamagitan ng pandamang ito na totoo iyon. Iyon ay isang lugar totoong lugar. Kita n’yo? Iyon—iyon—iyon—iyon ay isang lugar kung saan . . . nakikita mo. Ipinahahayag ’yun ng pandama mo.

¹⁹⁹ Ngayon, ang tanging bagay na gagawin mo kapag namatay ka, pinapalitan mo lang ang limang pandamang iyan (Luwalhati! Whew!), tatanggap ka lang naman ng ibang pandama. At buhay kang taglay ang isang higit na mataas na pandama, libu-libong beses na mas mataas kaysa rito, sa ibang buhay; isang buhay kung saan wala nang kamatayan, kung saan wala nang kalungkutan. At ang mga bagay na wala kang kaalam-alam sa ngayon, ay makikita mo na nang malinaw kapag tumawid ka na roon. Hindi mo pa ito maunawaan ngayon

dahil nabubunggo mo pa ito, wala ka pa ng pandamang iyon. Sasabihin mo, “Ako—may kakaiba akong nararamdaman dito ngayong gabi. Tingin ko ba’y parang may isang...sadyang gusto kong umiyak, o humiyaw, o kung ano man.” Ito’y ang mga Anghel ng Panginoon. Kita n’yo?

²⁰⁰ Tulad ng sinasabi ng isa, alam n’yo na, na hindi pa nagkaroon ng pandamang paningin, sabi, “Paminsan-minsa’y nakakaramdam ako ng kung anong bagay na tunay, para bang isang pakiramdan na tila ba mainit.”

Sasabihin mo, “Sikat ito ng araw.”

²⁰¹ “Ano ba ang sikat ng araw? Hindi pa ako nakakakita nito.” “Wala namang...” Kita n’yo, hindi pa siya kailanman nakakita, hindi tuloy alam kung ano ito. Kita n’yo, kailangan pang sabihin sa kanya ng isa doon, isang nakakakita nito. Oh, naku! Kita n’yo?

²⁰² Nagpapalit lamang tayo. Nagpapalit lamang tayo, huwag kayong matakot sa kamatayan. Wala namang anuman ang kamatayan kundi isang panakot lamang. Pinagtagumpayan na ito ni Jesus. Maging noong humantong na si Pablo sa katapusan, sinabi niya, “Kamatayan, saan naroon ang iyong tibo? Saan naroon ang iyong panakot? Libingan, saan naroon ang iyong pagtatagumpay? Ang sabi mo’y nakuha mo na ako? Ako—nais kong ituro ka pabalik doon sa Jerusalem. Mayroong isang libingang walang laman doon at ‘Ako Siya na nagtagumpay sa inyo kapuwa, kamatayan at hades,’ at ako’y nasa Kanya at hindi mo ako mapipigilan! Muli akong babangon.” Oh, naku! Sabi niya, “Mayroong isang putong na nakalaan para sa akin, na ang Panginoon, ang matuwid na Hukom, ang magbibigay sa akin; at hindi lamang sa akin, kundi sa lahat ng mga *naghahangad* sa Kanyang pagpapakita.”

²⁰³ Iniibig n’yo Siya. Nais n’yong makita ang Kanyang pagparito. Naghihintay kayo sa Kanya. Isa itong mahabang kuwento, ito’y isang—isa itong mahabang paghihintay. Isa itong pag-iibigan. Ngunit hindi ka na talaga makapaghintay hanggang sa makita mo Siya! Oh, naku! Ganyan nga ito. Oh, iyon ang panahon na pinakaaabangan natin, iyon ang oras na iyon! Kung ang inyong puso’y hindi gaya—gaya—gaya niyan sa gabing ito, kaibigan, mag-ingat ka. Kita mo? Mag-ingat ka. Huwag mong hayaang malinlang ka ng kaaway. Kapag Itong Espiritu Santong naririto ay nagnanais nang pumaroon sa Manlilikha Nito, sa Panginoon Nito, mayroong pag-iibigan na walang makapagsasaysay. Siyanga, totoo ito. Totoo nga ito.

²⁰⁴ Kaya kung may babala, na nagsasabi, “Hindi ka pa nakahanda para doon,” alalahanin kung gayon, maaaring inihahanda ka na ng Diyos para sa kung ano. Kita n’yo? Hindi ka handa...

205 Sasabihin n'yo, "Buweno, kung mabautismuhan ako, sa Banal na Espiritu, kung gayon, buweno, maaaring kunin na ako ng Panginoon?" Hindi, hindi lang iyon, noon ka pa lang nagsisimulang mabuhay. Ikaw—hindi ka pa handang mabuhay hanggang sa matanggap mo ang Banal na Espiritu, at pagkatapos kapag natanggap mo na ang Banal na Espiritu'y nun ka pa lang nababagay na mabuhay. Hindi ka pa bagay na mabuhay bago 'yun, kita mo, ngunit ngayo'y nababagay ka nang mabuhay matapos mong matanggap ang Banal na Espiritu. Kita n'yo? Inihahanda ka lamang. Kita n'yo?

206 Sinasabi ng mga tao, "Buweno, kailangan ko nang maghanda para sa kamatayan." Oh, naku, naghahanda na akong mabuhay! Amen. Ang punto dito ay, maghanda kang mabuhay, mabuhay kay Cristo! Matagumpay na buhay laban sa kasalanan, kamatayan, impiyerno, nasa akin na ang pagtatagumpay. Siya ang aking Tagumpay at ako ang Kanyang katunayan, at ako ang katunayan ng Kanyang Tagumpay. Amen! Ganoon nga.

207 "Paano mo nalalamang taglay mo na Ito?" Nasa akin na Ito. Amen. Ibinigay Niya Ito sa akin sa pamamagitan ng Kanyang biyaya. Nadarama ko Ito. Alam ko Ito. Nakikita ko Itong kumikilos sa buhay ko. Ako'y binago Nito. At ayon dito sa Aklat na ito, sinabi Niya na mayroon akong Buhay na Walang Hanggan at hindi na haharap pa sa Paghatol, kundi ako'y lumipat na mula sa kamatayan patungo sa Buhay sapagkat inako Niya ang kahatulan sa akin para sa akin. At kung Kanya nang binayaran ang halaga, huwag nang subukang dalhin ako sa anumang Paghatol. Inako na Niya ito para sa akin, at tinanggap ko na ito. Siyanga, po.

208 Kaya wala nang paghatol. Wala nang—wala nang kamatayan. Oh, kakailanganin kong lisanin ang iglesya at iwanan ang mga tao pagdating ng panahon, subalit yaong . . . kung magtatagal pa si Jesus. At kung mangyayari 'yon, aba, naku, hindi ako patay. Hindi ako maaaring mamatay, mayroon akong Buhay na Walang Hanggan. Paano ka mamamatay na taglay ang Buhay na Walang Hanggan? Kita n'yo? Palaging nasa Presensiya ng Diyos at habang panahon Siyang makakapiling! Amen! Pinananabik niyon ang puso ko, naku, parang gusto ko na namang magsimulang mangaral. Kita n'yo? Siyanga. Oh, Kamangha-mangha Siya!

Isn't He wonderful, wonderful, wonderful?
 Isn't Jesus my Lord wonderful?
 Eyes have seen, ears have heard, what's
 recorded in God's Word;
 Isn't Jesus my Lord wonderful?

Gustung-gusto ko ang patotoong 'yan.

Nakakita ang mga mata, nakarinig ang mga tainga, kung ano ang nakatala sa Salita ng Diyos;
Hindi ba't ang Panginoon nating si Jesus ay kahanga-hanga?

²⁰⁹ Oh, iniibig ko Siya! Siya ang aking Kapayapaan, ang aking Buhay, ang aking—aking Pag-asa, ang aking Hari, ang aking Diyos, ang aking Tagapagligtas, ang aking . . . (Oh, naku!) ang aking Ama, ang aking Ina, ang aking Kapatid na Babae, ang aking Kapatid na Lalaki, ang aking Kaibigan, ang aking lahat-lahat! Nakita n'yo? May inaawit tayo dati na isang munting awit na gaya niyan. Alam n'yo, nakakanta na ba kayo nung mga munting awiting Pentecostal katulad ng . . . Sana'y isinara na nila 'yung rekorder, kita n'yo. 'Yung awit na dati nating inaawit:

He's my father, my mother, my sister and my brother,
He's everything to me.
He's everything, He's everything to me;
He's everything, He's everything to me;
For He's my father, my mother, my sister and my brother,
He's everything to me.

²¹⁰ Naaalala n'yo pa ba noong inaawit natin dati 'yan? May nakakaalala pa ba sa inyo nito? Naku, maraming taon na ang nagdaan! At pagkatapos sinasabi natin dati:

I know it was the Blood, I know it was the Blood,
I know it was the Blood for me;
One day when I was lost, He died upon the Cross,
And I know it was the Blood for me.

²¹¹ Naaalala n'yo pa ba ang munting awit na iyon? Tingnan nga natin, ano pa ba 'yung isang inawit natin? Tingnan nga natin.

Oh, won't you watch with me one hour,
While I go yonder, while I go yonder?
Oh, won't you watch with me one hour,
While I go yonder and pray?
I'm overcoming, I'm overcoming,
I'm overcoming, I'm overcoming;
For I love Jesus, He's my Saviour,
And He smiles and He loves me too.

²¹² Ang matandang Kapatid na Smith dati, isang itim na kapatid na lalaki, naririto dati sa may sulok. Oh! Naririnig ko 'yung mga itim na kapatid noon doon, nauupo lang ako doon at humihiyaw at nagpapalahaw at kung anu-ano pa, inuuga ko ang sasakyan ko at nagtatatalon ako sa paligid nito nang

paganyan. Ipinapalakpak nilang lahat ang kanilang mga kamay. [Ipinapalakpak ni Kapatid na Branham ang kanyang mga kamay habang umaawit—Pat.]

Oh, won't you watch with . . .

'Yung munting tiyempong mayroon ang mga itim na kapatid natin, alam n'yo na. Walang sinuman ang makakaawit nang gaya nila; mabuti pa'y kalimutan n'yo na lang. Kita n'yo?

. . . one hour,
While I go yonder, . . .

²¹³ Oh, naku! Nakaupo ako doon, sabi ko, "O Diyos!" Itong munting kabataang lalaki, nasa mga dalawampung taong gulang, magtatatakbo akong paikut-ikot sa kotseng iyon at talagang humihiyaw at pinupuri ang Diyos nang ganoon. Oh, kaygandang panahon! Kasisimula pa lamang noon, nang ang Diyos ay sadyang kumikilos sa gitna ng mga tao nang ganoon. Humantong na tayo ngayon sa pagiging isang matatag na Iglesya. Hindi marami sa miyembro, subalit makapangyarihan sa Espiritu. Amen. Talagang kamangha-mangha!

²¹⁴ Pagkatapos ay mayroon dating isang munting awit. . . Naaalaala ko pa ang araw na iyon doon sa Chattanooga, Tennessee, nang makatagpo ko itong. . . Hindi pala sa Chattanooga, doon ito sa Memphis, kung saan ko nakilala itong munting itim na babae, alam n'yo, na nakatayo doon sa labas. Narinig n'yo nang ikinuwento ko ang tungkol dito, alam n'yo. Nagkaroon ng sakit sa babae ang kanyang anak na lalaki. At mayroon siya nitong damit na panlalaki na nakatali sa kanyang ulo, nakasandal sa may bangko nang *paganyan*. At pinahinto ng Panginoon ang eroplanong iyon doon at ayaw itong paalisin, sa anumang paraan, at sinabi nila sa aking kumuha. . . At sinabi ng Espiritu Santo, "Mamasyal ka nang kaunti at magpunta sa banda *rito*."

²¹⁵ At naglakad-lakad ako patungo doon, paawit-awit. Naisip ko, "Naku, malapit nang umalis 'yung eroplano ko!"

²¹⁶ Paulit-ulit na sinasabi, "Sige pa. Magpatuloy ka pa. Magpatuloy ka pa." Unang bahagi pa lang noon ng ministryo ko.

²¹⁷ At tumingin ako, nakasandal doon sa kabilang bakod, at isang maliit na barung-barong, maliit na dampa doon. May isang matandang kapatid na babaeng nakatayo doon. Oh, siya ay. . . Parang kamukha ng isa dito sa mga kapatirang babaeng nasa Aunt Jemima pancakes. Naglalakihang matatabang pisngi, alam n'yo na, at ang kanyang—ang kanyang buhok, nakapatalikod ang kanyang damit. Nakasandal siya sa kabila ng tarangkahan nang paganyan, at ako'y basta. . . Inaawit ko 'yung munting awit tungkol sa. . . munting. . . Ano na nga bang. . . Nakalimutan ko na 'yung pamagat ng munting awit na inawit ko. Ngayon, ito'y

isang tungkol sa—tungkol sa . . . Isa itong munting mabilis na awiting Pentecostal, isang munting pagsasaya.

218 At huminto na ako sa pag-awit, malapit na malapit na ako. At nagdaan ako. At nakatayo siya doon at tumutulo ang mga luha sa malalaking matatabang pisnging iyon; gusto ko siyang yakapin. Sabi niya, “Magandang umaga, parson!”

Sabi ko, “Auntie, ano pong sinabi mo?”

Sabi niya, “Sabi ko, ‘Magandang umaga, parson.’”

219 Sabi ko, “Paano mo po nalamang isa akong parson?” Ngayon, para sa mga taong taga-Timog, iyon ay nangangahulugang “ministro,” alam n’yo. Sabi, “Ngayon, paano mo po nalamang isa akong parson?”

Sabi niya, “Alam kong darating ka.”

220 Sabi ko, “Alam mong darating ako?” Naisip ko, “Uh-oh, heto na, kita mo.”

221 Sabi niya, “Siyanga, ginoo.” Sabi, “Nabasa—nabasa mo na ba ‘yung kuwento sa Biblia, parson, tungkol dun sa babaeng Sunamita?”

Sabi ko, “Opo, auntie, nabasa ko na.”

222 Sabi niya, “Ako’y ganoong uri ng babae.” Sabi niya, “At hiniling ko sa Panginoon na bigyan ako ng anak, ako at ang asawa ko, at palalakingin ko ito para sa Kanya.” Sabi, “Ginawa nga Niya, ipinagkaloob Niya sa akin ‘yung bata.” At sabi, “Pinalaki ko ito, na mabuting bata.” Sabi, “Napasama siya sa maling barkada, parson. Nagkaroon tuloy siya ng masamang sakit,” at sabi, “nakaratay siya sa loob doon na nag-aagaw-buhay na. Mga dalawang araw na siyang nag-aagaw-buhay ngayon. Ni hindi pa nga siya nagkakamalay sa loob ng dalawang araw. Nagpunta dito ‘yung lalaking doktor at ang sabi, ‘Hindi na siya mabubuhay,’ sabi, ‘mamamatay na siya.’ Isa itong sakit na nakukuha sa pakikipagrelasyong seksuwal.” At sabi—sabi, “Halos hindi ko na makayanang tingnang mamatay ang anak ko, at nanalangin ako nang buong magdamag.” At sabi, “Sabi ko, ‘Panginoon,’ sabi, ‘ako po’y babaeng kagaya nung babaeng Sunamita, ngunit’ sabi, ‘nasaan ang Iyong Eliseo?’”

223 At sabi, “Nakatulog ako at nanaginip ako ng isang panaginip, na nakatayo raw ako dito sa tarangkahang ito, at nakita kitang naglalakad sa kalyeng iyon na nakasuot niyang munting sumbrerong medyo nakapatagilid sa ulo mo.” Ngunit sabi, “Mayroon lamang isang bagay,” sabi, “nasaan ‘yung . . .” Sabi, “Mayroon ka dapat bitbit na maleta sa kamay mo.”

Sabi ko, “Iniwan ko lang ‘yon doon sa Peabody Hotel.”

224 Sabi, “Ang alam ko’y may dala ka dapat na maleta.” At sabi niya, “Mamamatay na ang anak ko.”

Sabi ko, “Branham ang pangalan ko.”

Sabi niya, “Tkinagagalak kong makilala ka, Parson Branham.”

²²⁵ Sabi ko, “Nananalangin ako para sa mga maysakit. Narinig mo na ba ang tungkol sa ministryo ko?”

²²⁶ Sabi, “Hindi, palagay ko’y hindi ko pa naririnig.” Sabi, “Puwede ka bang pumasok?” At pumasok ako.

²²⁷ Nakahiga roong paganyan ang malaking binatang iyon. Sinisikap kong sabihin sa babae ang tungkol sa Makalangit na pagpapagaling, subalit hindi siya doon interesado. Nais niyang marinig ang batang lalaking iyon na sabihin nitong ito ay “ligtas na at handa nang lumisan.” At sabi niya . . . At iniligtas ng Diyos ang binata.

²²⁸ At makaraan ang mga isang taon ay nakita ko siya doon na isang pahinante doon sa istasyon. Talagang ang Panginoon kung gumawa Siya ng mga bagay-bagay!

²²⁹ At pagkatapos nang bumalik ako, pagkatapos nun, ako sana’y . . . dapat sana’y alas-siyete ang alis nung eroplano, at noo’y nasa mga kalahating oras na makaraan ang alas-nuwebe. At nag-taxi na ako at bumalik. At pagpasok na pagpasok ko, sabi, “Huling tawag na po para sa biyaheng bilang *ganito-at-ganoon*.” Pinanatili ng Panginoon ang eroplanong iyon doon sa lupa habang naroon ako at nananalangin para sa batang iyon. Kita n’yo? Ganoon nga.

²³⁰ Pinipilit kong maalala iyon, isang munting awitin, “*One Of Them*.” Iyon na nga. Oh, kung papaano natin dating binubuo’yung pabilog dito, at ipinapalampak ang ating mga kamay. Sinasabi natin:

One of them, one of them,
I’m so glad that I can say I’m one of them;
(Hallelujah!)

One of them, I’m one of them,
I’m so glad that I can say I’m one of them.

They were gathered in the upper room,
All praying in His Name,
They were baptized with the Holy Ghost, And
power for service came;

Now what He did for them that day
He’ll do for you the same,
I’m so glad that I can say I’m one of them.

One of them, one of them,
I’m so glad that I can say I’m one of them;
One of them, I’m one of them,
I’m so glad that I can say I’m one of them. (Ikaw
rin ba?)

²³¹ Pakinggan n’yo ang bersong ito.

Though these people may not learn to be,
 Or boast of worldly fame,
 They have all received their Pentecost,
 Baptized in Jesus' Name;
 And they're telling now, both far and wide,
 His power is just the same,
 And I'm so glad that I can say I'm one of them.

Oh, one of them, I'm one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of them;
 One of them, oh, I'm one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of them.

Oh, come, my brother, seek this blessing
 That will cleanse your heart from sin,
 It will start the joy-bells ringing
 And will keep your soul on flame;
 Oh, it's burning now down in my heart,
 Oh, glory to His Name,
 And I'm so glad that I can say I'm one of them.
 (Ikinagagalak n'yo ba iyon?)

One of them, one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of them;
 Oh, one of them, one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of them.

²³² Oh, hindi ba't nagagalak kayo? Makipagkamayan na tayo sa isa't isa kapag inawit natin ito. Ano sa palagay n'yo? Gawin natin 'yon.

One of them, one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of them;

Lubos din akong nagagalak, kapatid.

Oh, one of them, one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of them.

Oh, come, my brother, seek this blessing
 That will . . . soul aflame,
 That will start the joy-bells ringing
 And will keep your soul on flame;
 Oh, it's burning now within my heart,
 Oh, glory to His . . .

Itaas natin ang ating mga kamay.

Glad that I can say I'm one of them.

²³³ Sabay-sabay.

One of them, one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of them;
 I'm one of them, one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of them.

²³⁴ Makinig nang mabuti muli ngayon, kita n'yo.

Though these people may—may not learn to be,
 (hindi sila nakapagkolehiyo)
 Or boast of worldly fame,
 They have all received their Pentecostal
 Blessing,
 Baptized in Jesus' Name;
 And they're telling now, both far and wide, (sa
 bawat munting liblib at sulok)
 His power is yet the same,
 I'm so glad that I can say I'm one of them.

235 Oh, awitin n'yo ito, iglesia!

. . . them, one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of them;
 Oh, one of them, one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of . . .

236 Kunin n'yo ang inyong munting panyo ngayon.

One of them, one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of them;
 Oh, one of them, one of them,
 And I'm so glad that I can say I'm one of them.

237 Purihin ang Panginoon! Amen! Para lang tayong mga bata.
 Walang anumang kapormalan sa atin. Ang Diyos ay walang
 anyo. Tama ba? Siyanga, po!

I'm one of them, one of them,
 I'm so glad that I can say I'm one of them;
 I'm one of them, one of them,
 Oh, I'm so glad that I can say I'm one of . . .

238 Talaga bang masaya kayo na nasasabi n'yo ito? Itas lang
 ang inyong kamay, sabihin, "Purihin ang Panginoon!" [Sinasabi
 ng kongregasyon, "Purihin ang Panginoon!"—Pat.] Purihin ang
 Panginoon! Nagagalak ako na isa ako sa kanila! Masaya akong
 maging ganoon.

239 Panginoong Diyos, napakasaya ko. Isa sa kanila! Isa sa
 kanila! Ako'y lubos na nagagalak na masasabi kong isa ako
 sa kanila. O Diyos, tulungan Mo po kaming maging ganoon.
 Tulungan kaming mapanatiling nagliliwanag ang mga llawan,
 Panginoon, habang kami'y nagmamartsa patungo sa Sion.
 Ipagkaloob ito, Ama. Sa Pangalan ni Jesus, iniaalay namin ang
 aming mga buhay sa Iyo para sa paglilingkod. Amen. Amen.

Oh, we're marching to Zion,
 Oh, beautiful, beautiful Zion;
 We're marching upward to Zion,
 That beautiful city of God.

Come, we that love the Lord,
 And let our joys be known,
 Join in the song with sweet accord,
 Join in the song with sweet accord,
 And thus surround the throne
 And . . . (Oh, umawit lang sa Espiritu!) . . . the
 throne.

Oh, we're marching to Zion,
 That beautiful, beautiful Zion;
 We're marching upward to Zion,
 That beautiful city of God.

Oh, we're marching to Zion,
 Beautiful, beautiful Zion;
 We're marching upward to Zion,
 That beautiful city of God.

Let those refuse to sing
 Who never knew our God;
 But children of the heavenly King,
 But children of the heavenly King,
 May speak their joys abroad,
 May speak their joys abroad.

240 Awitin natin ito!

We're marching to Zion,
 Oh, beautiful, beautiful Zion;
 We're marching upward to Zion,
 That beautiful city of God.

241 Oh, hindi ba kayo nalilinisang mabuti niyan? Hindi ba't gustung-gusto n'yo ang mga lumang awiting 'yan? Ako—mas pipiliin ko pa ang mga iyan kaysa sa lahat ng kaya ninyong . . . o anuman dito sa iba pang uri ng mga awit na makukuha ninyo. Ang mga iyon ay magagandang mga lumang taos-pusong awitin. Oh, naku! Ang pakiramdam ko'y napakaganda at napakasaya kapag inaawit ko ang mga iyon, talagang maganda! Naku, parang gusto kong magalak nang magalak!

Take the Name of Jesus with you,
 Child of sorrow and of woe;
 It will joy and comfort give you,
 Oh, take it, everywhere you go.

Precious Name (precious Name!), O how sweet!
 (O how sweet!)
 Hope of earth and joy of Heaven;
 Precious Name, O how sweet!
 Hope of earth and joy of Heaven.

242 Habang iniyuyukod natin ang ating mga ulo ngayon:

At the Name of Jesus bowing,
Falling prostrate at His feet,
King of kings in Heaven we'll crown Him,
When our journey is complete.

Precious Name, O how sweet!
Hope of earth and . . .

[Tinatapos ni Kapatid Neville ang gawain—Pat.]



HINDI HINAHATULAN NG DIYOS ANG
TAO NANG HINDI MUNA SIYA BINABALAN TAG63-0724
(God Doesn't Call Man To Judgment Without First Warning Him)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Miyerkules ng gabi, Hulyo 24, 1963, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2014 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org